# MGA KALAPATING MATAYOG ANG LIPAD

**MGA KALAPATING MATAYOG ANG LIPAD**

**SINOPSIS:**

Sa liblib na bayan ng Sinibaan, tahimik ngunit matindi ang alingawngaw ng pagluluksa at paglaban. Sa "Lupain ng mga Espantaho", tinatayo ang mga espantahong nakadamit ng huling suot ng mga nawawalang asawa, anak, at ama. Sila ang mga desaparecidos na sapilitang dinukot ng isang pwersang mapaniil.

Isa sa mga naiwan ay si Maura, isang tagapagturo ng katutubong sayaw at asawa ng nawawalang si Lando, na nangunguna sa mga protesta para sa pakikipaglaban sa karapatan sa lupa. Sa kanyang pagdadalamhati, pinanghawakan ni Maura ang sayaw ng Pantomina, isang tradisyonal na sayaw Bikolnon na sumasalamin sa galaw ng mga kalapating nagliligawan. Ngunit hindi na ito sayaw ng pag-ibig. Ginawa niya itong sayaw ng paniningil na siya ring tinuro sa kapwa niya mga balo.

Sa tulong ni Gunda, biyenan ni Maura, at ng batang si Victor, unti-unting humubog ang isang kolektibong pagbangon. Habang pumapailanlang ang awit ng “Salampating Guminaro” *(Kalapating Naging Maamo),* “Sarung Banggi” *(Isang Gabi)* at “Si Nanay, Si Tatay,” kasabay ring lumilipad ang mga kalapati na mistulang mga dalangin, lihim, at galit na ipinapadala sa langit at lipunan.

Ngunit hindi sapat ang alaala. Sa isang mapait na araw ng protesta, isang bala ang tumapos sa buhay ni Maura. Ngunit hindi nito napigilan ang kanyang tinig. Sa gitna ng takipsilim, sinundan ng mga kalapati ang kanyang himig. Ang mga babae ng Sinibaan ay sumisigaw, humihimig, at lumalaban.

Sa pagtatapos, ang dating katahimikan ng munisipyo ay napalitan ng dungis, ipot, at punit-punit na mga karatula ng paghihimagsik.

Ang anak nilang si Victor na ngayo'y nag-iisang nakatayo sa bahay nila ay patuloy na pumapalakpak, naghahanap ng tinig ng kanyang mga magulang, at ngayo’y tangan na ang diwang iiwan nila.

Ang *Mga Kalapating Matayog ang Lipad* ay isang dulang pampelikula tungkol sa pagkawala at paghahanap, katahimikan at sigaw, pagluha at paglipad. Mula sa guniguni ng mga espantaho at sayaw ng Pantomina, lumilitaw ang isang kolektibong alaala: ang mga babaeng minsang inaping tinawag na “mababa ang lipad,” ngayo’y lumilipad at lumalaban nang matayog.

## MGA KALAPATING MATAYOG ANG LIPAD

### 1. INT. KUBO/BODEGA SA BUKID. UMAGA

Mula sa kadiliman ng tabing, unang naririnig ang palakpak. May tiyempo, may sigla, parang tinutugtog ng puso, hindi lamang ng kamay.

Unti-unting lumiliwanag ang tabing. Mga kamay ng batang pumapalakpak ang unang imahe na sumasayad sa mata. Naroon si VICTOR, walong taong gulang, may ningning sa mata habang tinititigan ang isang ganap sa harapan niya.

Sa loob ng kubo, pumapasok ang liwanag ng araw. Maririnig ang mga pagaspas ng pakpak at pagdapo ng mga munting paa sa bubungan. Ang mga anino ng kalapati ay kumakaway paloob ng kubo sa pagharang nito sa sinag ng araw. Tuluyan silang dadapo sa bubong ng kubo. Marahil, naulinigan nila ang palakpak ni Victor na nagsisilbing paanyaya sa kanila na dumapo pabalik sa kubo.

Habang lumulutang ang mga mayawing alabok sa ginintuang liwanag ng araw na pumapasok sa pagitan ng mga siwang ng kawayan, para bang aparisyon, may mga galaw ang kumakahig ng kislap. Sa pagkabig ng silaw, tuluyang makikita ang mga kababaihan na sumasayaw sa saliw ng palakpak. Nangunguna dito si MAURA, tatlumpung taong gulang, na ina ni Victor. Marikit, morena at maamo ang mukha na lalo pang pinatingkad ng sinag ng araw na tumatawa sa kanya.

May kapayatan siya subalit masigla ang tindig at kaaya-aya ang galaw. Balingkinitan, dahil na rin sa paghulma sa kanya ng sayaw.

Nasa likod ni Maura ang anim na kababaihang tinuturuan niya. Halos magkapareho ang kanilang mga edad. Nasa 30-33 taong gulang sila. Ang mga babae sa likod niya ay nakatingin sa kanya at sinusundan ang kanyang galaw. Sa bawat galaw ng katawan ni Maura, may sining, may layunin. Ang kanyang mga kamay ay parang pakpak na malaya sa hangin.

Tinuturuan niya ang mga babae ng sayaw ng PANTOMINA, isang sayaw ng pag-ibig, hango sa ligawan ng mga kalapati. Tradisyonal na sayaw ito sa Bikol. Bihasa na si Maura sa sayaw na ito.

Sa isang gilid ng kubo, makikitang iniikot ng manipis na patpat ang cassette tape. Ibinabalik sa simula ang recorded na musika. Isinasalpak ito sa lumang radyo.

MAURA

*(malumanay, ngunit may awtoridad)*

Mula sa simula tayo.

Aagos ang musika. Hahalo ito sa mga palakpak. Ang mga mukha ng kababaihan ay maningning, tila nagsasanay hindi lamang para sa isang sayaw, kundi para sa isang panibagong yugto ng buhay.

Sa kanilang mga mata, may kaba, ngunit may pag-asa. May pagsisikap na matuto sa kanilang mga galaw. Subalit, naiiba sa kanila si MARIFE, tatlumpu't isang taong gulang, na halatang hindi ganap na naroroon sa ensayo. Ang isip niya ay lumilipad sa kawalan.

Napansin ito ni Maura. Nilapitan niya si Marife, banayad ngunit matatag ang kanyang kilos. Inabot niya ang kamay nito upang igabay sa tamang galaw.

MAURA

*(buong lambing, ngunit may diin)*

Ibuka mo pa ang pakpak mo!

Ang tinutukoy ni Maura ay ibuka ang kanyang mga kamay tulad ng sa mga kalapati. May alinlangan. Ngunit sinunod niya si Maura. Kahit papaano, dama niyang naroroon ang pagkalinga ng kaibigan.

MAURA

*(mahinang bulong)*

Wala pa si Ramon?

MARIFE

*(halos pabulong, may tinatago)*

Susunod daw.

Mapapalingon si Marife sa labas, at sa kanyang mata ay mababanaag ang pangambang pilit niyang itinatago sa ritmo ng kanyang mga paa.

Sa likod, patuloy ang ensayo. Sina LINDA, MILAGROS, MILDRED, DINA, at ROSARIO, lahat sila ay nakasunod sa kumpas ni Maura, sa pag-ikot ng katawan, sa pag-indak ng pakpak ng kanilang mga bisig.

Sa tabi ng lamesa, ang lumang radyo ay tumutugtog ng musika mula sa cassette tape habang sa tabi nito'y may mga termos ng kape at nilagang saging, mga pagkaing ambag ng bawat isa na nagpapakita ng kaisahan sa paghahanda. Nasa tabi rin ng lamesa ang mga lalaki, ang mga kabiyak ng mga nagsasayaw. Kumakain sila habang masaya at tahimik na pinapanood ang kanilang mga iniibig. Ang mga mata nila ay naglalambing sa bawat indak ng kanilang mga kasintahan. May mga sulyapan ng pag-ibig, mga ngiting hindi maipinta. Hindi pa man ikinakasal, dama na ang bigat at ginhawa ng pagmamahal sa mga titig.

Mapapatingin sa pwesto nila si Marife na parang hinahanap ang kabiyak. Lalo siyang mag-aalala at nawawala sa tempo ang kanyang indak.

Sa kabilang banda, ang tatamis ng mga ngiti ng mga kalalakihan habang nanonood. Tila ba lalo silang napapaibig sa galaw at sayaw ng kanilang mga iniirog. Kinikilig sila. Para bang mga bagong magkakasintahan na buo na ang desisyon na magsama habangbuhay.

Nasa tabi nila si LANDO, tatlumpu't limang taong gulang, ang nobyo ni Maura. Matipuno ang katawan, sunog sa araw, marka ng isang lalaking palaging nasa bukid. Ngunit sa kanyang mga mata, ay may lambing. Tahimik siyang nanonood, hawak-hawak ang balikat ng anak na si Victor. Kapwa sila nakatitig kay Maura. Kapwa sila humahanga.

Napapangiti si Lando sa bawat indak ng PANTOMINA ni Maura. Sa kanyang mga mata, si Maura ay isang ilaw lalo na't binabalot ito ng liwanag ng araw. Kapag nagtama ang kanilang paningin, may sinag na higit pa sa araw. At si Victor, tahimik na kinikilig, may panunuksong ngiti, parang batang tagapagsalaysay ng isang pagmamahalan.

Biglang…

Pitik!

Tunog ng radio. Naubos ang rolyo ng cassette tape.

Ngunit kasabay ng pagpitik ng tape, isang putok ng baril ang bumiyak sa hangin. Sandaling tumigil ang mundo.

Nagliparan ang mga kalapati mula sa bubong, lumipad palayo sa kubo na parang mga alingawngaw ng isang nagbabantang trahedya. Naiwan ang kanilang bahay-kalapati, ang maliit na kulungan sa tabi ng kubo, puting-puti sa ipot, tila isang altar ng kapayapaang biglang binulabog.

**2. EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. TAKIPSILIM**

Sa isang bahagi ng bukid, tinatawag ng mga taga-Sinibaan na “Lupain ng mga Espantaho,” nakatindig ang tatlong espantaho. Ang kanilang katawan ay gawa sa kawayan, dayami at pinagtagpi-tagping damit ng mga nawawalang magsasaka.

Nakadapo ang isang puting kalapati sa balikat ng isa. Tahimik. Walang hangin.

Itinatayo ang isang bagong espantaho. Dalawang lalaking magsasaka ang masinsinang nagtutulungan sa pagtayo nito. Hawak nila ang mga lumang gamit: sombrerong yari sa buri, kupas na pantalon at punit na polo na tila pagmamay-ari ng isang nawawala.

Nasa harap ng espantaho si Marife, nakasuot ng itim na bestida at belo. Mahigpit niyang hawak ang isang panyo na kulay asul, kupas na. Dahan-dahan niya itong isinampay sa leeg ng espantaho. Sandaling napapikit si Marife. Walang sinasabi, pero ang katahimikan ay malalim.

Kalapit sa mga espantaho, sa kaliwa, nakatayo ang limang miyembro ng koro, mga babae may edad. Suot nila ang simpleng kulay-puting saya, belo at kamisa. Nakayuko ang ulo habang inaawit ang kantang: "DESAPARECIDOS CORPOS" (Nawawalang Katawan), na inaawit sa paraang tulad ng Pabasa o Pasyon, mabagal at may luha sa tinig.

(MUSIKA AT AWIT)

Nawawara, nawawara;

An hawak mo, nawawara.

Hinahanap ka, magpamati ka.

Huni nin gamgam, gamita;

Kun boses mo, nawawara.

Hinahanap ka, magpamati ka.

*(Nawawala, nawawala;*

*Ang katawan mo, nawawala.*

*Hinahanap ka, magparamdam ka.*

*Huni ng ibon, gamitin mo;*

*Kung ang boses mo, nawawala.*

*Hinahanap ka, magparamdam ka)*

Sa kanang gilid ng eksena, sumasayaw sina Maura at limang kababaihan na kanya ring tinuruan sa nakaraang eksena. Mahinahon, idinuduyan ang kanilang mga katawan na parang mga aninong hinehele ng hangin.

Wala silang ekspresyon. Tila wala sa sarili, o marahil, nawawala ang kaluluwa sa katawang naiwan sa hangin ng kalungkutan. Isa-isang pumipikit habang umiindak, tila nananalangin sa bawat galaw.

Lumipad ang kalapatìng nakadapo sa espantaho, palusong sa buong lupain ng bukid. Mapapalingon sa kanya si Maura na para bang siya itong nagsugo sa ibon para lumipad.

**3. EXT. BUKID. BAYAN NG SINIBAAN. TAKIPSILIM. PAGPAPATULOY**

Patuloy ang lipad ng kalapati. Madadaanan nito ang Arko ng Salubong ng bayan na gawa sa kawayan kung saan nakasulat ang pangalang "SINIBAAN". Dumaan ang kalapati sa ilalim ng arko, tila isang aninong lumulusot pabalik sa kasaysayan.

Lalabas ang teksto sa ibabaw ng imahe:

> *"Sa bayan ng Sinibaan, tradisyon na ang pagtatayo ng espantaho tuwing may isang magsasakang nawawala. Tinatawag silang - mga desaparesidos."*

Nagpapatuloy ang lipad ng kalapati. Mapupunta ito sa isang panig ng bukid na kung saan makikita ang ilang lalaking may bitbit na mga kawayan na may lambat sa dulo. Nanghuhuli sila ng mga ibon. Iwinawagaswas nila ang mga pangsilo sa hangin. Hinampas nila ang mga damuhan. Isang lambat ang biglang iwinasiwas. Muntik nang mahuli ang kalapati. Ngunit mabilis itong umiwas at lumipad paitaas.

Mula sa kalangitang papadilim, sumulpot ang anim pang puting kalapati na sabay-sabay lumilipad. Tila ba inaakay siya ng mga ito o inililigtas sa kalungkutan at kapahamakan.

Ang mga ibon ay tila nagkakaisa sa galaw, sabay sa awit ng koro. Tulad ng isang sining. Tulad ng sayaw.

Habang sila’y umiikot, tila sumasayaw sa pagitan ng mga ulap. May ritmo, may diwa. Ang mga kalapati ay hindi na lamang mga ibon kundi nagsisilbi na ring mga gunita at kaluluwa.

Ang kamera ay unti-unting tumataas, sinusundan ang kalapati. Dahan-dahan ay bumabagal ang awit at sayaw.

Sa lawak ng kalangitan, lalabas ang titulo ng pelikula:

**MGA KALAPATING MATAYOG ANG LIPAD**

Ang mga kalapati ay nawawala sa liwanag ng dapithapon. Ang awitin ay humihina, hanggang sa wala na ring tunog. Panandaliang katahimikan.

**4 INT - EXT. KAPELYA SA BUKID. ARAW**

Sa gitna ng malawak at luntiang bukirin, nagaganap ang isang kasalang-bayan. Anim na pares ng magkasintahan ang sabay-sabay na ikinakasal. Sa gitna ng bukid, itinayo ang isang maliit na kapelyang gawa sa kahoy at pawid, simpleng pinalamutian ng mga banderitas, bulaklak, at puting tela na hinahaplos ng hangin.

Sa loob ng kapelya, tahimik na nakaluhod ang mga nobyo at nobya, bawat isa'y nakabihis ng abot-kayang pangkasal. Sa labas, nakapwesto ang kanilang mga pamilya at mga kaibigan.

Si Maura at Lando ay kabilang sa mga kinakasal. Suot ni Lando ang kanyang barong tagalog na makaluma subalit bagay sa kanyang tindig. Si Maura nama'y nakasuot ng isang payak na puting bestida na lalo pang nagpaamo sa kanyang anyo.

Habang ikinakabit sa kanilang mga balikat ang yugál o taling pangkasal, dahan-dahan silang nagtataling-puso sa harap ng pananampalataya, ng bayan, at ng panibagong kapalaran. Magkakatinginan sila. Sa kanilang mga mata, may lihim na takot, ngunit mas nangingibabaw ang pag-asa.

Kasabay nito, ang ibang mga pares ay tinatalian na rin ng yugál. Isa-isa silang pinagdurugtong ng pananampalataya sa Diyos, sa isa't isa, at sa tahimik na pangakong walang iwanan, sa hirap man o ginhawa.

Sa palibot, maririnig lamang ang kaluskos ng damo, ang ihip ng hangin, at ang bahagyang tinig ng pari. Ang araw ay banayad lamang, tila nakikiisa sa pagsaksi ng pag-ibig sa gitna ng kabukiran.

**5 INT - EXT. KAPELYA SA BUKID. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nakatayo na ang anim na pares sa gitna ng kapelya sa bukid, magkakaharap at magkahawak-kamay. Tila isang prusisyong nakahinto sa gitna ng panahon. Sa unahan nila, ang PARI ay nakatayo, bitbit ang kasagraduhan ng pananalita. Sa likuran, nakahilera ang mga kamag-anak at bisita, nagsisiksikan ngunit may ningning sa mga mata. Masaya silang

nakikibahagi sa okasyon. Nagbabatian sila, may kasabayang halakhakan, mga palakpak, at buntong-hiningang may galak.

PARI

*(may ngiti)*

Ngayon… mga lalaki, maaari niyo nang halikan ang
inyong mga nobya. Kayo ay mga mag-asawa na.

MGA TAO

*(sabay-sabay, may kasabikan)*

Mabuhay ang mga bagong kasal!

Kasabay ng malakas na palakpakan, sabay-sabay na yumuko ang mga nobyo upang halikan ang kanilang mga kabiyak. Mga halik na puno ng pangakong mananatili kahit sa tagtuyot at bagyo.

Sa gitna ng kasiyahan, nakatayo sa kalungkutan si Marife. Nakatingin siya sa mga bagong kasal, at sa halik na minsan din niyang pinangarap. Sa kanyang mga mata, may alon ng lungkot. Sa kanyang pagkakatayo, tila siya'y nauupos sa loob. Tahimik.

Mapapatingin si Maura kay Marife. Batid niya ang sakit na dala-dala nito. Wala siyang magawa kundi bigyan na lamang ito ng ngiti at tango ng pakikiramay. Sasagutin naman ito ng maliit na ngiti ni Marife subalit ipaparamdam niya kay Maura na masaya siya para sa kanila. Sa pagkakataong ito, oras ito ng kasiyahan ng mga kinasal. May oras para sa kanyang kalungkutan.

Ngingiti siya ng pakikisaya kay Maura subalit hindi niya mapigilan ang pagbuhos ng kanyang luha.

Dahan-dahan siyang mapapalingon. Sa malayong bahagi ng bukid, tila may tinatanaw siyang alaala o multo ng pag-ibig na hindi nakarating sa altar. Walang musika. Tanging huni ng mga kalapati, at ihip ng hangin ang bumabalot sa kanya.

**6 EXT. LUPAIN NG ESPANTAHO. ARAW**

Sa di-kalayuan, tanaw mula sa espantaho, bantayog ng asawa ni Marife, ang masayang kasalan. Maliit ang kapelya sa gitna ng bukid, puno ng mga bagong kasal, palakpak, at mga halik. Ang imahe ay tila isang banal na paghihiwalay: sa isang banda, ang selebrasyon ng buhay at bagong simula; sa kabilang banda, ang alaala ng pagkawala at katahimikan ng isang pusong naiwan.

**7 EXT. BUKID. ARAW. PAGPAPATULOY**

Sa gitna ng masayang ingay, lumalapit si Lando kay Maura. Dahan-dahan niyang hinalikan ang kanyang asawa; una sa noo, waring paggalang; sa ilong, isang paalala ng mga simpleng araw; at sa labi, isang pangakong buo at totoo.

Nagyakapan sila nang mahigpit.

Lumapit sa kanila sa Victor. Nakasuot ng maliit na barong tagalog. Hawak niya ang munting puting unan na nilagyan ng mga singsing ng kanyang mga magulang. Mapapansin na suot na ni Maura ang isang payak na singsing sa kanyang palasinggingan. Yayakap din si Victor sa kanyang mga magulang.

Naroon din, makikita ang ina ni Lando na si GUNDA, animnapu't limang taong gulang. Puti na ang kanyang mahabang buhok, ang balat niya ay pinanday ng panahon, at ang kanyang mga mata ay tila baul ng salamin ng mga alaala. Ngunit ngayon, ang mukha niya ay puno ng liwanag; isang ngiti ng ina na nasaksihan ang tagumpay ng anak hindi sa yaman, kundi sa pag-ibig.

Nagkakatinginan sina Lando at Gunda. Isang simpleng tingin, ngunit sa loob nito, may pagbabalik-loob, may pasasalamat, may pagtanggap.

**8 EXT. BUKID. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nakahilera ang mga tao sa magkabilang panig ng daanan sa labas ng kapelya. May halong pananabik at kasiyahan ang mukha ng bawat isa habang inaabangan ang paglabas ng mga bagong kasal. Isa itong ritwal ng pag-asa at bagong simula.

Sa bawat paglabas ng mga pares, sabay silang sinasabugan ng bigas, mga butil ng kaginhawaan at kasaganahan, ayon sa tradisyon. Nagsisigawan ang mga tao, may halakhak, may palakpak, may sigaw ng pagbati. Tunog ng pagdiriwang sa gitna ng bukid.

MGA TAO

Mabuhay ang mga bagong kasal!

Sa isang sulok, tumutugtog ang ilang musikerong magsasaka gamit ang kanilang mga gitara at bandurya. Ang musika ay masigla, halos parang sumasayaw sa hangin ang mga nota. Sa bawat kumpas ng himig, mas lalong humihigpit ang yakap ng kasiyahan sa buong lugar.

MGA TAO

Mabuhay ang mga bagong kasal!

Sa dulo ng daanan, may namimigay ng tig-dalawang puting kalapati sa bawat pares. Ang hawak ni Lando ay may asul na tanda sa paa; kay Maura naman ay pula.

Pinaghalik ng bawat pareha ang kalapati nilang hawak at pinalipad ang mga ito. Sabay-sabay sila sa pagbitaw ng mga kalapati. Isang tahimik na panalangin na sana, tulad ng mga ibon, ay lumipad din ang kanilang pagmamahalan nang malaya, ligtas, at buo.

Sa alapaap, sumasabay sa hangin ang mga puting kalapati, parang mga pangarap na pinakawalan. Ngunit mapapansin ni Victor na ang isa sa mga kalapati, ang pinalipad ng kanyang ama, ay hindi agad lumipad. Bumagsak ito sa lupa, bahagyang nanginginig ang pakpak.

Tumakbo si Victor. Mabilis, walang pag-aatubili. Kinuha niya ang ibon.

Sinenyasan siya ni Lando ng thumbs-up. Isang simpleng kumpas ng kamay, sinabayan ng ngiti.

**9 EXT. BUKID. ARAW. PAGPAPATULOY**

Sunod-sunod na sumasakay ang mga bagong kasal sa kani-kaniya nilang sasakyang pangkasal, mga karitong hila ng kalabaw, kaswal pero may dangal. Hindi marangya, ngunit may sariling kagandahan. May payak na sayang likas sa mga pamayanang marunong magdiwang sa gitna ng kawalan.

Ang bawat kariton ay pinalamutian ng mga bulaklak, banderitas, at palay-palay. Parang ginawang makulay na piyesta ang buong kapatagan. Maging ang mga kalabaw ay binihisan ng mga palamuti na parang mga saksi ring nakikigalak. Sa katawan ng kalabaw nina Maura at Lando, may nakasulat: "LANDO ❤ MAURA”

Sumasakay sina Lando at Maura sa kanilang kariton.

Sa malawak na bukid, makikita ang sabay-sabay na pag-alis ng mga kariton. Tila isang prusisyon ng bagong pag-asa. Nagsisigawan at nagkakatuwaan pa rin ang mga tao sa paligid. May sumasabay pang tugtog ng gitara mula sa likod.

MGA TAO

Mabuhay ang mga bagong kasal!

Sa gilid, makikita si Gunda. Hawak niya ang apo niyang si Victor. Buong pagmamalaki silang kumakaway sa papalayong kariton nina Lando at Maura. Sa kanang kamay ni Victor, maingat pa rin niyang hawak-hawak ang kalapati na kanyang sinagip.

**10 EXT. MALAYONG BUKID. DAY**

Tahimik. Walang tugtugan. Wala na ang palakpakan.

Sa gitna ng malawak at luntiang damuhan, makikita ang isang kalabaw na nag-iisa, hindi kasama sa masayang prusisyon ng mga bagong kasal. Tahimik itong kumakain ng damo, tila walang pakialam sa mundong nagdiriwang.

Sa gilid ng katawan nito, makikitang nakasulat sa pintura ang dalawang pangalang halos nabubura na sa init ng araw at alikabok ng lupa: "RAMON ❤ MARIFE”

Walang musika. Tanging ang tunog ng hangin ang maririnig. Isang paalala na sa gitna ng kasayahan ng iba, may pag-ibig ding hindi nakarating sa altar.

**11 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. ARAW**

Sa malawak at tigang na bahagi ng bukid, limang espantaho ang nakatayo sa pila. Dadapo ang isang puting kalapati sa isa sa mga espantaho. Inosente, payapa. Nag-aalok ng sandaling ginhawa sa gitna ng katahimikan.

Maririnig ang huni ng kalapati, banayad, malungkot, tila umaawit ng pangungulila.

Ang instrumental ng "SARUNG BANGGI" *(Isang Gabi)* ay unti-unting papasok, marahan, puno ng damdamin. ’Di pa man natatapos ang buong musika, isang putok ng baril ang maririnig. Mabubulabog ang hangin. Makikitang lumilipad sa ere ang mga balahibo ng ibon.

Tutulo ang dugo sa balikat ng espantaho. Tumitigis ito sa dayaming dibdib na tila isang pusong wala nang tibok.

**12 EXT. LABAS NG HANDAAN. ARAW**

Isang linya ng limang kwitis ang nakahanda sa lupa, tinutusok sa pagitan ng mga bato at tuyong damo. Isang lalaki ang lumapit upang magsindi ng mitsa.

Sunod-sunod na lilipad sa himpapawid ang mga kwitis. Sumasabog ang mga ito sa ere. Masiglang naghihiyawan ang mga tao.

Makikita ang mga mukha ng tao na puno ng halakhak at kasiyahan. Walang nakaaalam sa dulo ng bukid, may isang putok ng baril ang humugot ng buhay.

**13 EXT - INT. HANDAAN. ARAW**

Sa barangay, nakalatag ang isang malaking handaan na parang dambanang itinayo para sa mga bagong kasal. Pinalilibutan ito ng mga palapang niyog na sumasayaw sa hangin.

Sa loob, sunod-sunod ang mga lamesang kahoy, na puno ng pagkain; inihaw na baboy, ginataang gulay, pansit, puto at marami pang iba. Nagmumula sa bawat lamesa ang usok at aroma ng bagong lutong ulam. Naririnig ang lagitik ng kutsara at tinidor sa pinggan, halakhakan, at masiglang kwentuhan.

Kumakain ang mga tao; babae, lalaki, matanda, bata. Wala nang pormalidad, lahat nakahinga na. Magkakakilala sila, magkakamag-anak, magkababata. Sa isang sulok, isang matandang lalaki ang nagbubuhos ng lambanog sa tasa ng isang binata. Mababatid na sila ay isang komunidad lamang.

**14 EXT. BAKURAN. ARAW**

Sa gitna ng payak na bakuran, sa pagitan ng mga tuyong dahon at alikabok ng lupa, makikita ang dalawang kalapati, isang lalaki at babae. Ang lalaking kalapati ay lumalapit sa dahan-dahang hakbang, humihigad at sumasayaw, parang kawal ng pag-ibig. Paulit-ulit siyang kumakampay ng pakpak, pinapakita ang sigla, ang panliligaw.

Tumatalsik ang alikabok sa lupa sa bawat hataw ng kanyang mga paa, tila musika ng kalikasan ang lumilikha ng ritmo.

Ang babaeng kalapati, umaatras-uurong, pero sumasabay rin sa galaw. Isang tila sayaw ng pagtanggap at pag-aatubili.

(MUSIKA AT SAYAW)

Sasabayan ito ng musika ng PANTOMINA na para bang nagbibigay pugay ang mga instrumento sa tunay na pinagmulan ng sayaw na Pantomina.

**15 INT. HANDAAN. ARAW**

Patuloy na naririnig ang tugtog na PANTOMINA.

Masaya itong tinutugtog ng mga kalalakihang manunugtog kanina sa kasal. Kasabay ng kabray sa kanilang mga gitara at bandurya, pansin ang malalaking ngiti at sigla nila. Ang masaya nilang presensya ay nagbibigay din ng tuwa sa mga mananayaw at mga manonood lalo pa sinasabayan nila ng sayaw ang sariling tugtugin.

Makikita si Maura sa harap. Umaarte siya bilang babaeng mahinhin at mahiyain. Sa tempo ng kanta, lalabas sa likod niya si Lando. Sisimulan niyang suyuin si Maura. Sa simula, nakatayo lamang si Maura at parang sinusulyapan ng paunti-unti ang kaparehang sumusuyo sa kanya.

Unti-unti na ring sumasabay sa sayaw ang iba pang mga magkasintahang kinasal. Paminsan-minsan, napapatingin ang ilang kababaihan kay Maura, lalo na kapag may nalilimutang padyak. Maging ang mga lalaki ay tumitingin kina Maura at Lando upang masundan ang galaw. Sumusulyap din si Maura sa paligid para tiyaking nakakasabay ang bawat

isa. Sa galaw ng kanyang katawan, ibinibigay niya ang kumpas at himig ng sayaw, upang walang maiwan sa saya, at lahat ay magkasabay sa iisang indak.

Patuloy na tinutugtog at sinasayaw ang PANTOMINA. Iniikutan ni Lando si Maura. Habang tumatagal, lumalaki na ang galaw ng katawan at hampas ng mga kamay ni Maura.

Nagsisimula nang maging sabay ang mga galaw ng magkapareha. Sa sayaw, ginagaya ng dalawa ang galaw ng mga kalapati kapag ang mga ito ay nagliligawan. Ikinukumpas ni Lando ang kanyang mga kamay na tila mga pakpak. Para na siyang ibon na nagpapakitang gilas sa babaeng kaniyang sinusuyo.

Magsisimulang lalapit ang mga dumalo. Kakabitan nila ang mag-asawa ng mga perang papel.

Masaya ang lahat. Naririnig ang kanilang mga tawanan. Masaya sila na tila ba hindi alintana ang panganib sa paligid.

Dahan-dahang umaatras ang kamera mula sa gitna ng sayawan. Ang musika ng PANTOMINA ay nananatiling masigla ngunit unti-unting natatabunan ng katahimikan ng kalikasan.

Sa dulo ng imahe, sa malayong bukid, makikita ang isang espantaho. Tahimik. Nakatingala. Parang testigong di-imbitado. Parang multong nakamasid sa kaligayahan na maaaring hindi magtagal.

**16 INT. HANDAAN. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nakaupo sina Maura at Lando sa isang maliit na mesa sa gilid ng handaan. Pagod ngunit masaya. Tinutulungan sila ng kanilang abay na tanggalin ang mga perang ikinabit ng kanilang mga bisita.

Mga perang 20, 50, 100 at ilang 500 pesos. Maingat nilang inaalis ang mga ito upang hindi mapunit. Halos mapuno ang isang basket na yari sa ratan. Ito ang kanilang unang kayamanan bilang mag-asawa.

**17 INT. HANDAAN. ARAW. PAGPAPATULOY**

Magkakaharapan sa lamesa ang pamilya ni Lando at Maura. Nasa kabisera si Lando nakaupo. Sa kanan ng lamesa sa perspektibo ng kabisera, nakaupo si Maura. Sa kaliwa naman ay naroon si Victor. Katabi ng apo ang kanyang lola Gunda.

Masaya silang kumakain. Sinusubuan ni Lando si Maura ng kanin at ulam. Tatanggi pa sana siya subalit nakatingin sa kanya ang anak na nagsesenyas na kainin niya na ang bigay ng ama. Pagkatanggap ng pagkain, papalakpak si Victor. Susubuan din siya ng ama subalit tatanggi siya.

VICTOR

Malaki na po ako!

LANDO

Eh, si mama mo nga, malaki na rin.

Magtatawanan sila. Tatanggapin niya na ang alok ng ama kahit medyo nahihiya. Tumitingin pa siya kung may tumingin na ibang tao. Yayakapin siya ng lola.

GUNDA

Laki mo na nga. At lalo kang nagiging kawangis ng papa mo, pati sa ugali.

Aakbayan ni Lando ang anak. Mapapangiti na lamang si Gunda at Maura habang pinagmamasdan ang mag-ama.

**18 INT. HANDAAN. ARAW. PAGPAPATULOY**

Itataas ng pangunahing abay ni Lando ang isang bote ng alak.

BEST MAN

Para kina Maura at Lando.

Magpapalakpakan ang lahat at pagpupukpukin ng kutsara ang kanilang mga baso para maghudyat ng isang halik. Pagbibigyan naman ito nina Maura at Lando. Hahalikan ni Lando si

Maura. Sasabay rin sa paghalik ang iba pang mga kinasal. Hindi mapatid ang kanilang mga ngiti. Patuloy na magsisigawan ang mga tao nang buong saya.

**19 INT. HANDAAN. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nakatayo sa tabi ng isang lamesa ng mga bisita sina Maura at Lando. Ibinubuhos ni Lando ang alak sa isang baso at ibibigay sa isang ninong nila.

Aabutin ito ng ninong at iinumin. Dahil sa pait at tapang ng alak, mangiwi-ngiwi ang mukha nito habang binabalik ang baso. Dudukot siya sa bulsa at kukunin ang pitaka. Maglalabas ng 1000 pesos at ilalagay sa kanilang dalang basket.

Isang lalaki naman ang tatayo at sisigaw.

NINONG 1

Tatlong kabang palay ang regalo ko para sa kinasal.

Magpapalakpakan ang lahat.

**20 INT. HANDAAN. ARAW. PAGPAPATULOY**

MONTAGE *(Kasabay ng masiglang tugtog ng PANTOMINA)*

– Magkakasunod na close-up shots ng mga ninong, ninang, at bisita na may malalaking ngiti, mga halakhak, at basong umaapaw sa alak.

– Si Lando, tila eksperto na, ay nagsasalin ng alak sa bawat basong iaabot niya. Ang bawat salin ay sinusundan ng tawa, yakap, at isang tuping perang papel na ibinibigay at agad na isinisiksik sa basket.

– Si Maura, bitbit ang basket, ay palaging may tango ng pasasalamat sa bawat alay. Sa gitna ng sayawan at kantahan, ramdam ang masayang pagod at kaligayahan sa kanyang mukha.

– Sa ika-pitong salin ng alak, makikitang napupuno na ang basket. May halo-halong perang papel; 20, 50, 100, at ilang 500, tila sumasalamin sa buong komunidad na nag-aambag sa bagong yugto ng kanilang buhay.

Sa gitna ng palakpakan at musika, itataas ng abay na pandangal ang basket bilang simbolo ng kasaganahan, ng pagpapala, at ng pagtanggap.

MAID OF HONOR

*(sabay taas ng basket)*

Punô na!

Kasabay nito, itataas ng pangunahing abay na lalaki ang kanyang basong may alak. May kumpiyansa at saya sa kanyang sigaw.

BEST MAN

Mabuhay ang bagong kasal!

LAHAT

Mabuhay!

Tumutunog ang mga baso. Kumakalansing, sabay-sabay, tila musika rin ang huni ng salamin. Ang mga mata ng mga bisita ay nakatuon kina Maura at Lando.

Sina Lando at Maura, magkakatitigan, nauutal sa hiya at kilig. Magbibigayan sila ng halik para pagbigyan ang hinihingi ng mga kumakalansin na baso.

Magpapalakpakan. Maghihiyawan. Balik sa masayang musika. Magsasayawan ulit ang komunidad.

**21 EXT. HANDAAN. ARAW**

Isang sako ng palay ang binubuhat mula sa gilid ng handaan, itinataas sa kariton na hila ng kalabaw. Makikitang halos sampung sako na ang maaayos na nakasalansan roon. Ngunit mas kapansin-pansin ang mga tatak sa mga sako: ”MALIGAYANG BATI! – MAYOR DE LA VILLA” Kasunod ang isang malaking larawan ng alkalde, nasa aninapung taon gulang, may kalakihan ang katawan, may suot na barong, nakangiting nakatitig diretso sa kamera. Ang mukha ng alkalde sa sako ay tila nagmamasid, parang siya ang tunay na may-ari ng pagdiriwang.

Isang lalaki ang sumisindi ng kwitis na nakatayo sa tabi ng sako ni Mayor De La Villa. Sumisirit ito pataas, hanggang sa sunud-sunod na putok. Mapupuno ng usok ang mukha ng alkalde na nakatatak sa sako.

**22 EXT. BUKID. ARAW**

May isang puting kalapati, patay, nakahandusay sa tuyong lupa. May bahid ng dugo sa pakpak nito.

Tahimik ang paligid. Walang huni, walang hangin.

Magsisimulang gumulong ang alikabok sa paligid ng patay na ibon. Dahan-dahang nilalamon ng lupa ang katawan nito na para bang may buhay ang lupa, isang tahimik na kumunoy.

Sa kalagitnaan ng bukid, makikita ang mga suot ng isang magsasaka; kamisa de tsino, pantalon, sombrero, nakalatag sa lupa sa posisyong parang may hindi nakikitang katawan ang nakasuot dito. Parang kaluluwang naglaho mula sa kanyang anyo.

Ang mga palay ay nakahiga, parang may bigat na nakadagan sa kanila. Nakabuo rin ito ng hugis ng taong nakahandusay, kagaya ng nakalatag na damit. Nawawala ang katawan.

**23 INT. MUNISIPYO. OPISINA NG ALKALDE. ARAW**

Makikita ang karatulang "MUNICIPAL MAYOR" sa taas ng pintuan ng isang opisina. May papasok na isang military personnel para magbukas ng pinto. Kasunod na papasok ang isang malaking lalaki na nakapostura na parang negosyante.

Sinusundan pa siya ng isa pang military personnel na mukhang nagsisilbing personal bodyguard niya; matikas at laging alerto.

Pagkapasok ng lahat, dahan-dahang magsasara ang pinto.

Walang maririnig mula sa loob. Tanging ang pangalan sa karatula ang nagsisilbing paalala kung sino ang may hawak ng kapangyarihan sa bayan.

**24 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. TAKIPSILIM**

Isang espantaho ang nakatayo sa gitna ng malawak na bukid. Nakatalikod ito, tila nakamasid sa dahan-dahang pagtakip ng araw sa langit. Unti-unti nang nilulunok ng dilim ang paligid.

Bahagyang gumagalaw ang damit ng espantaho sa marahang ihip ng hangin, tila humihinga. Sa pagkakatindig nito, wari'y isa itong nilalang na hindi makapagsalita, ngunit may nalalaman.

**25 EXT. PUNO NG MANGGA. TAKIPSILIM**

Isang tandang ang nakadapo sa isang matibay na sanga ng punong mangga. Tahimik ang paligid, maliban sa pagtilaok ng tandang na pumupunit sa hangin ng dapithapon.

Sumusunod ang tilaok ng iba pang manok mula sa magkakaibang direksyon; mula sa mga bakuran, sa likod ng mga bahay, at sa laylayan ng bukid.

Ang bawat tilaok ay tila isang hudyat na hapunan na, malapit na ang gabi, at magsisimula na ang panibagong katahimikan ng gabi sa baryo.

Ang langit ay unti-unting nagpapalit ng kulay, mula kahel patungong asul-abo.

**26 EXT - INT. BAHAY NI MAURA. TAKIPSILIM**

Lumabas ng bahay si Lando. Mabilis ang kanyang hakbang, ang mga mata’y abalang nagmamasid sa paligid. Hinahanap niya ang anak.

LANDO

Anak!

Napatingin siya sa malayong bukirin kung saan ang mga anino ay unti-unting nilalamon ng dilim. Walang bakas ni Victor. Pumasok ang kaba sa kanyang mata.

Lumakad siya papunta sa kulungan ng mga kalapati. Doon niya nakita ang anak, tahimik na nagpapakain sa mga ibon.

Napabuntong-hininga si Lando. Gumaan ang kanyang dibdib. Napalitan ng ngiti ang pag-aalala.

Nilapitan niya ang anak.

LANDO

Pasok na, anak. Bukas naman ’yan.

Tumango si Victor. Inilapag niya ang natitirang mga butil ng palay sa kainan ng mga ibon bago tumakbo palapit sa ama.

Aakbayan siya ni Lando. Magkakangitian silang mag-ama.

Sabay silang lalakad papasok sa bahay.

Bago tuluyang makapasok, huminto si Lando sa may pinto. Napalingon muli sa direksyon ng bukid.

Ang ngiti kanina ay unti-unting nawawala. Bumalik sa kanyang mukha ang anino ng kaba, isang di maipaliwanag na pag-aalala.

Panandaliang nakatunghay sa dilim, bago niya sinarado ang pinto.

**27 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. TAKIPSILIM**

Nakatayo ang limang espantaho sa gitna ng bukid. Sa likuran ng mga ito, unti-unting lumilitaw ang anyo ng isa pang espantaho na kasalukuyang itinatayo. Isang babae, si Linda, ang maingat na nagtatanim ng poste sa lupa. Hawak niya ito nang mahigpit habang tinatabunan ng lupa ang paligid ng pundasyon.

May luha sa kanyang mga mata. Halatang mabigat sa kanya ang bawat galaw.

Naroon si Maura sa di kalayuan, tahimik na pinagmamasdan ang kaibigan. Hindi siya umiimik.

Matapos maitayo ang bagong espantaho, humarap si Linda dito. Tinitigan niya ito na tila kaharap ang isang mahal sa buhay. Inilabas niya ang isang itim na belo at isinuot.

Magsisimula siyang sumayaw ng PANTOMINA; dahan-dahan, may lungkot at bigat sa bawat indak. Tahimik ang paligid. Wala ni isang tunog ng musika. Tanging ang hangin at ang mga halaman ang gumagalaw.

Nanatiling nanonood si Maura. Unti-unting namuo ang luha sa kanyang mga mata. Damang-dama niya ang pagdadalamhati ng kaibigan.

Lumapit siya kay Linda at niyakap ito mula sa likuran. Nagsimulang humikbi si Linda habang yakap-yakap si Maura.

LINDA

Hindi mo sana maranasan ang ganitong kalungkutan.

Mula sa espantaho, tumulo ang dugo. Dahan-dahang gumapang ito sa tela ng damit.

LINDA

Ingatan mo ang inyong CLOA.

Yung CLOA namin ni Andres…

Natigilan siya. Umiyak nang tahimik.

LINDA*(mahina)*

Tinangay na nila.

**28 EXT. ISANG TAGO AT MADILIM NA LUGAR. GABI**

Sa gitna ng dilim, may liwanag na nagmumula sa isang apoy. Nakalatag sa lupa ang isang papel na nilalamon na ng apoy, isang *CLOA* (*Certificate of Land Ownership Award*).

Unti-unting lumilinaw ang pangalan sa papel bago ito tuluyang masunog: ANDRES AZUELA.

Makikita ang kamay ng nagsusunog; maruruming daliri, matitigas ang palad, at suot ang tela ng uniporme ng militar. Pareho ito ng unipormeng suot ng mga tauhan ng negosyanteng dumalaw sa opisina ng Mayor.

Sa mas malawak na tanaw, makikita ang buong anino ng taong nagsusunog. Maliwanag ang apoy sa harap niya, kaya't malinaw ang anyo ng kanyang silweta.

Nakabigwis sa balikat ang isang armalite. Parehong-pareho ang modelo at ayos ng sandatang dala ng mga militar na kasama ng negosyante sa munisipyo.

Tahimik. Tanging lagitik ng nasusunog na papel ang maririnig. Tuluyang natupok ang CLOA.

**29 EXT. BAHAY NI MAURA. GABI**

Sa dilim ng gabi, kumakawala ang paulit-ulit na tunog ng martilyo. Sagot ito sa mga putok ng baril na ilang araw nang gumagambala sa kapayapaan ng Sinibaan. Sa bawat pukpok, tila may ibinabalik na tapang, may binubuo hindi lamang pako at karatula, kundi mula sa galit at pagmamahal sa lupa.

Nagtitipon ang mga kalalakihan sa bakuran nina Maura at Lando. Naiilawan lamang sila ng lampara na siyang nagpapalaki ng kanilang mga anino sa dingding ng bahay. Dito, sila ang mga higante. Ang liwanag na nasa loob nila ay lalong nagpapaningning sa kanilang mga mata. Tahimik silang nag-uusap, ngunit sa bawat sulyap sa isinusulat nilang mga salita sa mga karatulang kawayan at lumang sako ng palay, malinaw ang kanilang sinasabi.

Si Lando ang nangunguna, suot ang paborito niyang asul na kamisa de tsino, isang anyong karaniwan, ngunit sa gabing ito, tila baluti. Sa likod ng mga lalaki, abala rin si Maura, nagtitimpla ng kape, naghahain ng nilagang saging. Ang kilos niya ay payapa, ngunit ang presensya niya ay matatag. Kasama niya ang iba pang kababaihang dati'y tinuturuan niyang sumayaw ng Pantomina. Kung dati'y hinahasa nila ang galaw ng kanilang mga paa, ngayon ay

ang paninindigan ng kanilang mga dibdib. Kung si Maura ang namumuno sa sayawan, si Lando naman ang namumuno sa labanan.

May bagong pinturang tumatak sa mga karatula, malapot at mamasa-masa pa, tila kulay ng dugong hindi pa rin natutuyo sa alaala.

- “Lupa para sa Magsasaka.”
- “Lupa naming minana, ibigay at igalang.”
- "Katarungan para sa Buhay na Nasayang.”
- "Bigas, Hindi Dahas.”
- "Nauubos ang Bigas, Buhay nalalagas.”
- "Lupa, Hindi Bala.”
- “Hindi terorista ang nagtatanggol ng sariling lupa.”

Sa di kalayuan, isang silweta ng military patrol vehicle na may mga nakasakay na de-armas na mga sundalo ang dadaan.

**30 EXT. MUNISIPYO. ARAW**

Sa harap ng munisipyo, kapansin-pansin ang mga karatulang nakakabit sa pader. Ito ang mga karatulang ginagawa nina Lando noong isang gabi.

May ilan pang karatula na bahagyang punit, tila matagal nang nakadikit.

Tahimik ang paligid, ngunit nagsasalita ang mga karatula, patunay ng lumalalim na sigaw ng mga nawalan.

**31 EXT. IBA-IBANG LUGAR SA BAYAN. ARAW**

MONTAGE

– Kapansin-pansin ang katahimikan sa barangay. Sarado ang mga pintuan at bintana kahit umaga. May dadaan na military patrol vehicle. Dinig na dinig ang tunog ng gulong at makina nito sa sobrang tahimik ng lugar. Isang bintana ang magsasara nang mapadaan ang nasabing sasakyan. Ramdam ang takot sa lugar.

– Tahimik ang palayan. Ni walang mga ibon. Tahimik maging ang mga palay. Ni ayaw patinag sa hangin.

– Mararamdaman ang labis na katahimikan sa lugar ng mga espantaho. Lugar lamang ito ng pag-alala sa mga nawawala subalit tila ba sementeryo na ang dulot nitong pakiramdam sa bayan. Malungkot. Tahimik. May takot sa kamatayan.

**32 EXT. BAHAY NI MAURA. ARAW**

Nasa harap ng bahay si Victor. Dahan-dahang kukunin ang isa sa mga kalapati, ang lalaking may nakataling asul na tanda sa paa.

Ilalapit niya ito sa dibdib, saka ilalabas ang mga palad. Papakawalan niya ito sa himpapawid.

Titindig siya habang pinapanood ang kalapati. Unti-unti itong lumilipad pataas, palayo, patawid sa buong bayan.

**33 EXT. BUKID. ARAW**

Lumilipad ang kalapati sa himpapawid ng bayan. Mula sa itaas, matatanaw ang malalawak na palayan at kabuuan ng baryo.

Sa gitna ng isang bakanteng lupa, makikita ang nakatayong anunsyo na nakapintura sa pinagtagping telang sako ng harina. Malaki ang pagkakasulat: “PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO RITO.”

Dadapo ang kalapati sa poste ng anunsyo. Mula roon, mapagmamasdan niya ang isang lalaki sa gitna ng bukid.

Suot ni Lando ang asul na kamisa de tsino, abala sa pag-aararo gamit ang kalabaw. Pawisan, subalit tuloy lang sa pagtatrabaho. Alam niya ang kilos, sanay ang katawan. Muli, dadapo ang kalapati sa lupang nililinang niya. Tinutuka ang mga butil na naiwan sa lupa.

Sa malayo, dalawang lalaki ang paparating na naglalakad sa pilapil. Wari’y karaniwang magsasaka; nakasuot ng pangsaka, may sombrerong buri na lumilikha ng aninong bumabalot sa kanilang mukha. Ngunit hindi ito aninong dala ng araw lamang, kundi tila layong ikubli ang masamang balak na dala nila. Habang palapit kay Lando, dahan-dahan nilang itinaas ang tela upang takpan nang lubusan ang kanilang pagkakakilanlan.

Mapapansin sila ni Lando. Hihilahin niya ang lubid ng kalabaw para huminto. Sandali siyang lalayo mula rito, ang tingin nya ay nakatutok sa mga bagong dating.

Tatlong putok ng baril. Manginginig sa ingay ang paligid. Mag-iingay ang kalabaw.

Sa lupa, makikita ang duguang kalapati na may asul na tanda sa paa.

Unti-unting kumakalat ang dugo nito sa putik ng bukid.

**34 INT. HAPAG-KAINAN. ARAW**

Umaalingawngaw pa rin sa paligid ang tunog ng mga putok ng baril.

Sa gitna ng silid-kainan, nakapatong sa lamesang yari sa pinagdugtong-dugtong na kahoy ng kawayan ang tatlong plato. Ang mga ulam, pritong isda at talbos ng kamote, ay nagkalat na, bawas na at parang naiwan sa kalagitnaan ng pagkain.

Isang baso ng tubig ang nakatumba sa gilid. Unti-unting gumagapang ang tubig sa ibabaw ng mesa, bumababa at tuluyang tumutulo sa ilalim.

Sa ilalim ng mesa, nakasilong sina Maura, Victor, at Gunda. Basang-basa na ang kanilang mga damit dahil sa natapong tubig. Sa katawan nila, nakakapit ang mga butil ng kanin. Magkakayakap silang tatlo, mahigpit ang pagkakayakap na tila iyon na lamang ang nagbibigay-lakas sa kanila.

Tahimik ang lahat maliban sa kanilang hininga. Nanlilisik sa takot ang kanilang mga mata. Nakatingin sila sa direksyon ng pintuan, tila inaasahan kung may darating o babagsak.

Kahit nanginginig at halos hindi makakibo, magtatanong si Victor sa mahinang tinig.

VICTOR

’Ma, nasaan si Papa?

MAURA

Maghintay lang tayo, babalik ang papa mo.

Unti-unting lalayo ang tanaw mula sa kanila, marahang umaangat at inilalayo ang perspektibo. Makikita ang kabuuan ng bahay; tahimik, madilim, at sa ilalim ng lamesa, ang tatlong nilalang na nanginginig sa takot, naghihintay sa gitna ng kawalan.

**35 INT - EXT. KWARTO - BAKURAN. GABI**

Sa loob ng kwarto, magulo ang lahat. Nakakalat sa sahig ang mga damit, gamit, at lumang mga laruan. Nakatumba ang aparador, halos mabuwal na ang isang istante. Bukas ang mga kabinet, ang mga kahon nito ay walang laman. Halatang may naghalungkat, may hinanap.

Sa labas ng bahay, sa dingding na malapit sa bintana, nakapaskil pa rin ang isang lumang campaign poster mula sa nakaraang halalan. Medyo kupas na ang papel, may mga tagpi na ng alikabok at ulan. Sa poster, si Mayor De La Villa, naka-ngiti, suot ang kanyang barong, at may palad na naka-abot na tila nag-aalok ng pag-asa. Bagama't gabi, tila sinasadya ng buwan na ituon ang liwanag sa kanyang mukha. Tila paalala o panunukso ng kapangyarihang hindi nawala.

Sa dulo ng bakuran, sa bahay ng mga kalapati, naroroon ang isang ibon na may tandang pulang tali sa paa. Nag-iisa ito ngayon. Nakadapo lamang sa gilid ng pugad, halos hindi gumagalaw. Tahimik ang paligid. Maririnig lamang ang kanyang banayad at madalas na huni; mahina, ulit-ulit, at tila ba hikbi ng pag-aasam at paghihintay.

**36 EXT. BUKID. GABI**

Sa ilalim ng malamlam na liwanag ng buwan, makikitang nakalatag sa lupa ang asul na damit ni Lando. Nakaporma ito na para bang may katawan pa rin sa loob; ang mga manggas at laylayan ay nakaayos na tila niyakap ng hangin ang anyo ng tao.

Ngunit walang katawan. Damit lang.

Tahimik ang paligid. Walang hangin. Walang ingay.

Ang liwanag ng buwan ay tila naglalantad ng anino ng pagkawala.

**37 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. GABI**

Tahimik ang gabi.

Sa gitna ng dilim, natatanaw ang mga espantaho na nakatayo sa malawak na bukid. Dati'y anim lamang sila. Ngayon, may tatlo pang nadagdag.

Nakasuot din ng panlalaking damit ang mga bagong espantaho. Tahimik silang nakatayo, waring mga aninong binabantayan ang kalupaan.

Sa likod nila, ang pagaspas ng damo sa mahinang hangin ay parang bulong ng mga hindi na makapagsalita.

**38 INT. BAHAY NI MAURA. GABI**

Makikita ang isang bahay kubo. Isang payak na bahay ito subalit naliliwanagan ng buwan ng gabing iyon.

Nakahiga sa kanyang papag si Maura. Mahimbing na ang kanyang tulog. Ganun din si Victor na natutulog na sa sarili nyang maliit na kwarto.

Isang kalapati ang dadapo sa bintana ng kwarto ni Maura.

Huhuni ito na tila umaawit ng pagtawag sa babae. Papagaspas ito ng pakpak papalayo sa bintana.

Magigising ang diwa ni Maura subalit nakapikit pa rin ito.

Nagpapatuloy pa rin ang huni ng ibon. Tila ba tinatawag nya si Maura. Tuluyan siyang babangon at bababa sa kanyang papag. Isusuot niya ang kanyang kumot para proteksyon sa lamig ng gabi.

Lalabas siya sa bahay at susundan ang ibon. Nakapikit pa rin siya.

**39 EXT. GUBAT. GABI**

Patuloy ang huni ng ibon at sinusundan ito ni Maura.

Makakarating siya sa gitna ng gubat. Maririnig ang mga pagaspas ng pakpak ng ibon. Lilingon-lingon siya sa pinanggagalingan ng tunog. Nakapikit pa rin siya. Matalas ang kanyang pandinig. Dito magsisimulang marinig ang instrumental na musika ng "SARUNG BANGGI".

(MUSIKA AT SAYAW)

Paulit-ulit ang pagpagaspas ng pakpak ng ibon na tila ba sumasayaw sa hangin. Kung titingnan mula sa itaas, makikita ang babae na parang sumasayaw sa bawat paglingon niya sa pagaspas ng pakpak. Sumasabay sa galaw niya ang kanyang mahabang damit pantulog at kumot na binalot niya sa katawan.

Para siyang idinuduyan ng hangin at ng himno ng "SARUNG BANGGI”.

Pabilis nang pabilis ang pagaspas ng pakpak ng ibon. Pabilis nang pabilis din ang kanyang galaw. Mas lumalakas na ang tunog ng pagaspas kesa sa musika. Palapit na palapit din ang kamera sa kanyang mga matang nakapikit.

Biglang may maririnig na putok ng baril.

**40 INT. BAHAY NI MAURA. GABI**

Biglang didilat ang mga mata ni Maura.

Mapapabangon siya mula sa higaan; pawisan, humahabol ang hininga. Parang binunot mula sa lalim ng isang panaginip, o tinulak palabas ng isang bangungot.

Tahimik ang paligid.

Saglit siyang hindi gagalaw. Nakaupo sa papag, hawak ang dibdib, tila sinusuri kung totoo ang paggising o kung nananaginip pa rin siya.

Sa labas, maririnig ang mga matatalim na tunog ng kuliglig at mga palaka. Nagpapatingkad sa katahimikan ng gabi.

Dahan-dahang iikot ang kamera sa loob ng kubo: ang kawayan na dingding, mga kasangkapan sa pagsaka na naging palamuti na, ang lampara sa gilid na halos wala nang sindi.

Walang ingay mula sa mga ibon. Walang kalapati.

Isang malamig ngunit mapayapang gabi.

Babalik ang kamera kay Maura, tila may bakas pa rin ng lungkot at pangungulila sa kanyang mukha. Ngunit sa kanyang mga mata, may sinag ng muling pag-alala.

**41 INT. BAHAY NI GUNDA. GABI**

Isang payak na bahay sa katahimikan ng gabi. Nasa loob si Gunda, ina ni Lando, nakaupo sa gilid ng papag. Halatang hindi mapakali.

Nakasindi ang isang maliit na ilawan, binabanyuhay ang silid sa malalambot na anino.

Tila may naririnig siya… isang mahina ngunit pamilyar na huni. Isang kalapati ang dumarapo sa kanyang bintana.

Sandaling titigil si Gunda. Magkakatinginan sila ng ibon. Tahimik. Parang nag-uusap. Sa huni ng kalapati, tila may alok. Tinatawag siya.

Tumindig si Gunda, mabagal ang galaw, tila hinihila ng hindi maipaliwanag na puwersa.

Binuksan niya ang pintuan. Lalabas siya ng bahay. Hindi nagsasalita. Hindi nag-aatubili.

(MUSIKA AT AWIT: “SI NANAY, SI TATAY”)

Nagsisimula nang marinig ang pag-ukit ng himig ng kantang “SI NANAY, SI TATAY” bilang awit ng alaala sa nakaraan.

**42 EXT. BUKID - LAWA. GABI**

Patuloy sa paglipad ang kalapati. Sinusundan ito ni Gunda, dahan-dahan dala na rin ng katandaan.

Nakasuot pa rin siya ng kanyang lumang saya, nagpupumilit sa bawat hakbang. Hinahapo. Mula sa kanyang mukha, bumabakat ang takot, ang pag-aalala, ang pangungulila.

Habang lumalalim ang gabi, unti-unting bumubulwak ang tunog ng tubig sa lawa. Tahimik ang tubi ngunit sa ibabaw nito, lumulutang ang mga putol na ulo. Kasama ng mga ito, ang mga sumbrerong gawa sa buri, basang-basang binibitbit ng malumanay na alon.

Dito sabay na maririnig ang liriko sa kantang "SI NANAY, SI TATAY”. Kasabay ng nakapangingilabot na mga imahe, umaalingawngaw ang banayad at inosenteng himig ng awitin ng isang anak, napupuno ng matalim na kabalintunaan at dalamhati.

(MUSIKA AT AWIT)

Ay Nanay, ay Tatay, kon ako maraot,

Pugotan nin payo, ibontog sa lawod…

*(Mahal kong Ina, mahal kong Ama,*

*kung masama ang inyong tingin sa*

*akin, Putulin ninyo ang aking ulo*

*at ihagis sa lawa;)*

Matutulala si Gunda sa nakita. Subalit, ang kanyang mata ay tila ba naghahanap ng isang pamilyar na mukha sa gitna ng mga putol na ulo.

Makikita niya ang mukha at ulo ng kanyang anak na si Lando. Kumakanta ito ng "SI NANAY, SI TATAY" sa gitna ng iba pang mga lumulutang na ulo. Tulad sa sinasabi ng awitin, tila ba humihingi siya ng pagsaklolo sa timbre ng kanyang pag-awit.

Lulusong siya sa tubig at lalapitan ang putol na ulo ng anak.

Tumutulo na ang kanyang luha sa kanyang paglusong. Nanginginig at sinasabayan ng labis na lungkot. Sumasabay pa ang pag-ihip ng malamig na hangin na nagpapayakap sa kanya sa kanyang sarili. Patuloy pa rin na umaawit ang ulo ng anak.

Kon maheling nindo na naganodanod, Ay Nanay, ay
Tatay, sapoda man tolos…

*(Ngunit kung makita ninyo itong lumulutang-lutang,*
*Mahal kong Ina, mahal kong Ama,*
*Pakisuyo, isalba ninyo agad nang may pagpapatawad.)*

Madadaanan niya ang ibang mga putol na ulo. Hahawiin niya ang mga ito. Patuloy niyang tutunguhin ang ulo ng anak. Doon nakatuon ang paningin niya habang naglalakad sa tubig. Kahit halatang nahihirapan at uugud-ugod na, patuloy siya sa paglalakad para makuha ang ulo ng anak.

Patuloy pa rin ang pag-awit ni Lando.

Tuluyang mahahawakan ni Gunda ang putol na ulo ng anak. Yayakapin niya ito nang mahigpit habang patuloy na lumuluha.

Gusto niyang sumigaw subalit walang boses na lumalabas kaya nabubuhos na lamang sa kanyang pagluha at sa kanyang nanginginig na katawan.

(MUSIKA AT AWIT)

Nagpapatuloy ang awit ni Lando kahit yakap na siya ng ina.

Inuulit-ulit ang liriko ng "SI NANAY, SI TATAY”:

Si Nanay, si Tatay di ko babayaan,
Balakid na boot an sakuyang utang,
Si pagdara sako nin siyam na bulan,
Gatas na sinoso, di ko mabayadan.

*(Mahal kong Ina, mahal kong Ama,*
*hindi ko kayo iiwan, utang na loob*
*ko sa inyo ay labis-labis, lalo pa*
*ang pagdala mo sa akin ng siyam na*
*buwan sa iyong sinapupunan, gatas*
*kong sinuso, hinding-hindi ko*
*kayang bayaran.)*

Ay Nanay, ay Tatay, kon ako maghale,
Hihidawon nindo sa gabos na aki;
Maski makakua nin makakasangle,
Dai makaarog kan sakong ugale.

*(Mahal kong Ina, mahal kong*

*Ama,kung sakali mang ako'y umalis,*

*Natatakot akong baka hanapin ninyo*

*ako sa lahat ng bata; Sapagkat*

*kahit makahanap kayo ng papalit sa*

*akin, Hindi nila mapantayan ang*

*pagmamahal ko sa inyo.)*

Lumulutang sa lawa ang isang awit ng pagpapatawad, awit ng huling paalam.

**43 INT. BAHAY NI GUNDA. GABI**

Madilim pa rin ang loob ng bahay. Walang ingay maliban sa mahinang tunog ng hangin mula sa labas.

Magigising si Gunda. Di niya namalayan na may luha sa kanyang mata. Nakahiga pa rin siya subalit nakadilat ang mga mata na hindi matigil ang pagluha. Para bang bitin pa rin ang hininga niya galing sa panaginip.

Sa bintana, nandoon pa rin ang kalapati. Nakatigil lang ito sa pagkakadapo. Pagkalipas ng ilang sandali, huhuni ang ibon. Saka ito lilipad paalis.

Susundan ito ng tingin ni Gunda. Hindi siya gagalaw, pero ang mga mata niya ay sumusunod sa ibon habang lumalayo ito.

Mananatiling tahimik si Gunda. Wala siyang sinasabi, pero mabigat ang damdamin sa kanyang mukha.

**44 EXT. BUKID. MADALING-ARAW**

Madilim pa ngunit unti-unti nang may bahid ng papalapit na bukang-liwayway.

Tumatakbo si Maura sa gitna ng bukid. Malayo pa lang ay tanaw na si Gunda, nakatayo sa kabilang dulo.

Paglapit ni Maura, magkakaharap sila. Saglit silang titigil. Walang salitang lumalabas, pero nagsisimula nang pumatak ang mga luha sa kanilang mga mata. Pareho silang nakatayo. Tahimik. Puno ng damdamin.

Idinuduyan ng hangin ang kanilang mga katawan. Paduyan silang isinasayaw ng hangin at kalungkutan. Parang nawawala ang kanilang mga sariling kaluluwa - nawawala ang kanilang sarili. Isinasayaw ng hangin ang kanilang kalungkutan.

Di kakayanin ni Gunda ang lungkot sa loob. Mapapaupo siya.

Lalapitan siya ni Maura at yayakapin.

Sa kalagitnaan ng malawak na bukirin, makikita silang magkayakap. Patuloy ang kanilang pag-iyak. Walang ingay kundi ang hangin at mga hikbi.

Maaabutan sila ng bukang-liwayway. Tila ba ang liwanag ay gumagapang papunta sa kanila para yakapin sila para pawiin ang kanilang kalungkutan.

**45 INT. BUKID. LUGAR NG MAY GINAGAWANG GUSALI. ARAW**

Isang palayan muli ang may nakapaskil na anunsyo na may nakasulat na: PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO DITO.

Sa likod nito, isang gusali ang sinisimulang itayo. May mga kabilya na nakatayo sa semento. Nakaporma na ang mga unang hanay ng hollow blocks, nasa ikalawang patong na ang mga ito. Halatang kakasimula pa lang ng konstruksyon. Nagkalat ang mga sako ng semento, graba, at buhangin. May ilang gamit pang konstruksyon na naiwan sa paligid.

Tahimik ang paligid. Walang trabahador sa eksena, tila iniwan sa kalagitnaan ng gawain.

**46 EXT. BAHAY NI MAURA. ARAW**

Nasa tapat ng bahay. Nakalatag sa lupa ang mga dayami, damit, at iba pang gamit sa paggawa ng espantaho.

Tahimik na magkatabi sina Maura at Gunda, abala sa pagbuo ng katawan ng espantaho mula sa dayami. Maingat nilang hinuhubog ito na parang tao, may anyo, may bigat.

MAURA

’Nay, samahan mo po ako. Dito ka na
muna po sa bahay.

GUNDA

Dito muna ako sayo. Samahan mo ako.

Sa gitna ng katahimikan, darating si Victor. Bitbit niya ang ilang piraso ng kawayan na gagamitin bilang poste ng espantaho. Ilalatag niya ito sa tabi nila, sabay tingin sa ginagawa.

Sandaling magtitigan silang tatlo. Wala nang kailangang sabihin. Magpapatuloy sila sa kanilang ginagawa.

**47 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. ARAW**

Nakatayo sina Maura, Gunda, at Victor sa gitna ng bukid. Nakahilera ang mga espantaho sa paligid nila. Dati’y siyam lang, ngayon ay labing-tatlo na. Sa itsura ng mga damit ng espantaho,

halata ang paglipas ng panahon: kupas, gusot, may punit. Hindi na rin puro panglalaki, may pambabae na ring damit.

Tahimik ang paligid, maliban sa himig ng korong akapela na nasa di kalayuan. Limang miyembro sila. Simple lang ang pag-awit, walang instrumentong kasama. Tila ba dasal sa Pasyon.

Hawak ni Maura ang isang bagong espantaho. Sa kanyang mga braso ay ang asul na damit ni Lando, maayos pa. Isang sandali ng paghinga.

Pagkatapos, ilalabas pa ni Maura ang barong ni Lando, ang ginamit nito sa kanilang kasal. Titigan niya ito ng ilang segundo, saka dahan-dahang isusuot sa ibabaw ng asul na damit ng espantaho.

Tahimik pa rin. Walang nagsasalita.

Sa tabi niya, si Gunda ay nakatingin lang. Si Victor ay tahimik na nakayakap sa lola.

Nasa harapan nila ang ika-labing-apat na espantaho. Isa na namang bantayog ng taong mahal nila.

**48 INT. BAHAY NI MAURA. ARAW.**

Bumabalik sa alaala niya ang panahong isinusuot niya ang barong ni Lando.

LANDO

Ulit-ulit ko na ’tong nasuot sa

lahat ng mga okasyon!

MAURA

Gwapo ka naman sa barong na ito.

LANDO

Sa tuwing suot ko ito, parang

ikinakasal ulit ako sayo.

MAURA

Ayaw mo ba?

LANDO

Kung pwede lang araw-arawin ang

pagsuot nito, para araw-araw ay

kasal natin.

Mapapangiti si Maura na tila ba kinikilig.

**49 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. ARAW**

Magkahawak-kamay sa gawain sina Maura, Gunda, at Victor habang itinataas nila ang espantaho ni Lando. Tahimik ang paligid.

Si Maura ay tahimik lang. Halata sa kanyang mukha ang pagpigil sa emosyon. Gusto niyang umiyak, pero pilit niyang nilalabanan.

Tinitingnan siya ni Victor, kaya't mas lalo niyang pinipigilan ang luha. Pinipilit niyang manatiling matatag sa harap ng anak.

Maya-maya, di na niya kaya. Mapapayakap siya kay Victor. Mahigpit. Dito niya mabilisang ibubuhos ang kanyang luha habang di pa nakatingin ang anak. Biglaan niya lang din itong pupunasan para di maabutan ng anak.

(PAG-AWIT)

Patuloy ang pag-himig ng koro. Walang salita. Isa lang itong malambing na himig na parang inaawit ng hangin.

Kasabay nito, maririnig ang huni ng mga kalapati at ang mahinhing pagaspas ng kanilang mga pakpak habang lumilipad sa paligid.

Parang pinapaduyan ang buong paligid ng hangin, ng lungkot, at ng alaala.

**50 EXT. BUKID. PINAG-AAGAWANG LUPA. ARAW**

Tatlong bata ang tumatakbo sa malawak na bukirin. Hawak nila ang mga alagang kalapati.

Hawak ni Victor ang kalapating may pulang tali sa paa. Bakas pa rin sa kanya ang kalungkutan.

Mapapatigil ang tatlo sa isang bahagi ng lupa. Nakatayo sila sa pilapil, tanaw ang tuyong lupain sa ibaba. Tahimik silang napapaisip, tila may mga larong nabubuo sa kanilang imahinasyon.

Si Victor ay tila nahihila ng kung anong pakiramdam. Dahan-dahan niyang ibababa ang kanyang paa sa tuyong lupa. Unti-unti, nag-iiba ang kanyang ekspresyon.

Ang tuyong lupa ay nagsisimulang gumalaw na parang alon sa dagat, unti-unting namumuo sa anyo ng kumunoy, na waring nais siyang lamunin.

BERTO *(O.S.)*

Victor!

Nagulat si Victor. Natauhan. Parang hinugot mula sa panaginip.

BUKNOY

Victor! Magpalipad na tayo!

Umalis na sina Berto at Buknoy, bitbit ang kanilang mga kalapati. Naiwan si Victor, nakatingin muli sa lupa. Ngayon, balik na ito sa karaniwan, tuyong lupa lang. Walang gumagalaw.

Tahimik. Ngunit may bakas ng pangamba sa kanyang mukha.

**51 EXT. MALAWAK NA BUKID. ARAW**

Naglalakad ang tatlong magkakalaro, sina Victor, Berto, at Buknoy, sa isang malawak na bukid. Bitbit nila ang kani-kanilang mga kalapati, bawat isa may iba't ibang tanda sa paa.

BUKNOY

Oh, pag hindi na nakabalik sa inyo ang mga

kalapati niyo, wala nang bawian ah!

BERTO

Walang iyakan ha! Sambutan lang!

Tumango ang tatlo bilang pangsang-ayon. Magbibilang sila ng sabay-sabay:

LAHAT

Isa… dalawa… tatlo!

Sabay-sabay nilang iaatsa ang mga ibon. Lumipad ang mga kalapati, malaya, sabay-sabay, umaalon sa hangin ng kalangitan.

Nagpalakpakan ang mga bata, tila nananawagan sa kanilang mga alaga.

Maya-maya, nagtakbuhan sila pauwi sa kani-kanilang mga bahay-bahay.

Sa himpapawid, patuloy na lumilipad ang mga kalapati. Nag-uunahan, nagkakapaan kung sino ang susundan sa pag-uwi.

**52 EXT. BAHAY NI MAURA. ARAW**

Sa harap ng bahay, makikita si Maura na naglilinis ng palay. Maingat niyang inihihiwalay ang mga piraso ng dahon gamit ang hangin. Binababagsak niya ang palay sa lupa upang ito'y salain ng bugso ng hangin. Sumisipol siya bilang pagtawag sa hangin. Isang ritwal ng tiyaga ng mga magsasaka.

Darating si Victor. Tahimik. Deretso sa kulungan ng kalapati.

Tiningnan niya. Wala pa rin ang kanyang alaga.

Nagtaas siya ng tingin sa langit. Nagpalakpak. Isa. Dalawa. Tatlo.

Walang dumarating.

Magsisimula siyang sumingot-singot, pinipigilan ang emosyon.

Hanggang sa tuluyang pumatak ang luha. Tahimik. Buo ang iyak. Hinahanap ang nawala.

Sa di kalayuan, pinagmamasdan siya ni Maura. Hindi siya lalapit. Wala siyang binibigkas. Batid sa kanila ang kalungkutan nang may hinihintay at hinahanap.

Pinunasan ni Victor ang kanyang mga mata. Huminga nang malalim.

Tumalikod. Dumaan sa gilid ng bahay.

Sa likod ng bahay, makikita ang mga sisiw ng manok, payapang nanginginain.

Tititig si Victor sa mga sisiw.

**53 EXT. BAHAY NG KALARONG SI BUKNOY. ARAW**

Makikita si Victor na paparating sa bahay ni Buknoy. May hawak siyang sisiw ng manok, medyo maalikabok ang katawan, yakap-yakap sa kanyang bisig.

Pagdating niya sa bakuran, mapapansin agad niya ang dating alaga, ang kalapating may pulang tali sa paa. Naroon ito sa kulungan ni Buknoy, masigla, tila ba nakibagay agad sa mga bagong kasama. Tumutuka ito ng pagkain. Kasabay nitong sumasayaw ang isa pang kalapati.

Lalapit si Victor, bahagyang nakakunot ang noo.

VICTOR

(*bahagyang naiinis, pasinghal*)

Ang daya mo naman. Batikan na 'yang kalapati mo.

Dapat 'di mo na sinali.

BUKNOY

(*kampanteng sagot*)

Ikaw naman ang nag-alok.

Ilalabas ni Victor ang sisiw na bitbit niya. May pag-aalay sa kilos.

VICTOR

Palitan ko na lang nitong sisiw.

BUKNOY

(*naiilang, napapaatras*)

Ayaw ko. Dagdag alagain pa ‘yan.

Mapapakamot si Victor sa ulo. Wala siyang maisagot.

Tahimik na tatalikod at maglalakad papunta sa tarangkahan. Bago siya tuluyang makalabas, lilingon pa muli si Victor. Tinignan niya ang kalapati. Tila ba kontento na ito. Tila nakahanap na ng bagong tahanan.

Muling humakbang si Victor, dahan-dahang lumalayo sa bahay. Hawak pa rin niya ang sisiw. Habang naglalakad, tinitingnan niya ito. Bigla niya itong iaatya, marahang ibinato pataas, tila umaasang lilipad ito.

Ngunit...

Bumagsak lang ang sisiw. Agad niya naman itong sinalo. Matatahimik siya na may bahid ng lungkot. Ngunit may pagyakap din sa bagong katotohanan.

**54 INT. KWARTO. TULUGAN NI VICTOR. GABI**

Nakahiga si Victor. Umiiyak. Lalapitan siya ni Maura. Hihiga at tatabihan niya ang anak. Yayakapin niya ito nang mahigpit. Hahaplusin niya ang ulo nito. Tuloy pa rin ang hikbi ni Victor.

Mapapansin ang kalungkutan na tinatago ni Maura habang yakap ang anak. Pagmamasdan niya ang bakanteng higaan ni Lando. Maluluha din siya.

Dahan-dahang mawawala ang hikbi ni Victor hanggang sa ang marinig na lamang ay mga kuliglig ng gabi.

Tahimik rin ang bahay-kalapati. Walang laman.

**55 INT. KUSINA NG BAHAY. ARAW**

Kumuha si Maura ng bigas mula sa lalagyan. Huling takal na ito.

Tahimik ang paligid. Maririnig lang ang tunog ng takal na metal sa bigas. Halata sa kanyang mukha ang pag-aalala. Wala nang susunod. Wala na siyang pagkukunan.

Napatingin siya sa sulok ng kusina. Naroon ang ilang sako ng palay, nakasabit at nilulumot na. Makikita sa mga sako ang naluluma nang mukha at pangalan ni Mayor De La Villa, ang bigas na ipinamahagi noong kasal nila.

Tahimik lang si Maura. Hindi na kailangang magsalita. Ramdam ang bigat.

**56 EXT. BUKID. PINAG-AAGAWANG LUPA. ARAW**

Nakatayo si Maura sa pilapil. Nakaharap siya sa lupang may karatulang: PRIVATE PROPERTY – NO TRESPASSING.

Tahimik ang paligid. Palingon-lingon si Maura, pinapakiramdaman kung may nakamasid.

Isang kalapati ang umiikot sa himpapawid. Parang naghahanap ng lugar na madadapuan.

Maingat, dahan-dahang iniaapak ni Maura ang kanyang paa sa gilid ng putik. Hindi niya inaalis ang tingin sa paligid. Kita sa katawan niya ang tensyon. Mabilis ang tibok ng kanyang dibdib.

Ang kalapati, na tila dadapo na sana, ay biglang nagbago ng isip. Lilipad palayo.

Saglit na titigil si Maura. Hihinga nang malalim. Iaangat ang paa mula sa putikan, at maglalakad palayo.

**57 INT. HAPAG-KAINAN. ARAW**

Magkaharap sa mesa sina Maura at Victor, abalang nagpipigtas ng dahon ng malunggay mula sa mga sanga. Tahimik din si Gunda, nasa gilid nila.

MAURA

Wag kang pupunta sa bukid.

VICTOR

Bakit po?

MAURA

Ayaw kong mawala ka rin.

VICTOR

Kabisado ko naman ang bukid. Pano ako mawawala?

MAURA

Iba na ang bukid ngayon. Hindi na siya ang dati nating kabisado.

VICTOR

Wag ka pong matakot.

MAURA

Matakot tayo.

Mapapatingin si Maura kay Gunda. Nababatid nila ang isa’t isa na mahirap ipaliwanag sa bata ang kaganapan sa paligid.

Tutunog ang takip ng kaldero mula sa kusina. Tatayo si Maura para tingnan ito.

Tatanggalin niya ang takip at hahaluin ang sinaing. Binabawasan niya rin ang mga nakasalang na kahoy para hinaan ang apoy.

Si Victor, nakaupo pa rin, mapapapikit.

Magsisimulang mabuhay muli sa kanyang isipan ang alaala ng paggalaw ng lupa.

**58 EXT / INT. PINAG-AAGAWANG LUPA / BUKID / HAPAG-KAINAN. ARAW**

MONTAGE:

BUKID 1

Gumagalaw ang lupa sa gitna ng taniman.

CONSTRUCTION SITE 1

Isang concrete mixer ang umiikot, humahalo ng semento. Kasabay ng ikot nito, tila may gumagalaw na rin sa ilalim ng lupa.

BUKID 2

Isang paa ang aapak sa lupa. Lulubog ito bigla, parang kumunoy.

CONSTRUCTION SITE 2

Patuloy ang ikot ng concrete mixer. Sa loob nito, parang ipu-ipo ang galaw ng semento.

BUKID 3

Makikita ni Victor ang kanyang ama, si Lando, nakalubog na hanggang baywang. Humihingi ng tulong gamit ang mga mata at kamay.

CONSTRUCTION SITE 3

Pabilis nang pabilis ang ikot ng concrete mixer. Kasabay nito, nangangatog na ang lupa.

HAPAG-KAINAN 1

Mahuhulog ang takip ng kaldero. Mapapasigaw si Maura. Napaso siya sa pagbabalik niya ng takip sa sinaing.

BUKID 4

Sumisigaw si Lando, subalit walang tunog. Lulubog siya nang tuluyan sa kumunoy.

HAPAG-KAINAN 2

Mapapasigaw si Victor, na para bang nahugot mula sa isang bangungot.

VICTOR

Ma!

CONSTRUCTION SITE 4

Itinatambak na ang hinalong semento sa mga hollow blocks. Unti-unting tumataas ang pader ng isang gusali sa dating taniman.

Sa harap ng construction site, makikita ang anunsyo sa lumang sako ng harina: PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO RITO!

HAPAG-KAINAN 3

Mapapatingin si Maura. May halong gulat at pag-aalala sa mukha niya. Makikita niya si Victor, mahigpit na yakap ng kanyang Lola Gunda.

**59 INT. KULUNGAN. GABI**

Isang madilim at tahimik na selda. Walang taong nakakulong, tila iniwan o pinabayaan na.

Dumaan ang isang pulis, tahimik at mabigat ang lakad. Papatunugin niya ang mga rehas gamit ang hawak na batuta.

Magsisiliparan ang mga kalapati mula sa loob ng selda. Sila'y nakakulong din, nagsisiksikan sa makitid na espasyo.

Malalakas ang pagaspas ng mga pakpak. Nagkakabanggaan ang mga kalapati, nag-aagawan ng puwang, nagmamadaling makatakas, ngunit walang matakasan.

Babalik ang pulis, tahimik pa rin. Muling papaluin ang bakal gamit ang batuta.

Mas lalakas ang pagaspas. Mas lalong mabangis ang pagsalpukan ng mga kalapati.

**60 EXT. BAKURAN NINA MAURA. UMAGA**

Dumapo ang isang kalapati sa bubong ng bahay-kalapati. Mapapansin ito ni Victor. Dahan-dahan siyang lalapit. Makikita niya ang taling pulang nakapulupot sa paa nito. Ang alaga niyang kalapati, nakabalik na.

Kukunin niya ito at yayakapin nang mahigpit, puno ng tuwa, ngunit may bahid ng pag-aalinlangan.

Mababasa sa kanyang mukha ang pagtataka. Napapaisip siya kung paano at bakit ito nakabalik.

Mapapatingin siya sa malayo, sa kalsadang walang tao, sa bukid na tila tahimik. Maaabot ng isipan niya ang direksyon ng bahay ni Buknoy.

**61 EXT. BAHAY NG KALARONG SI BUKNOY. UMAGA**

Papalapit si Victor sa bahay nina Buknoy. Tahimik ang buong paligid. Mula sa tarangkahan ng bakuran, natanaw niya ang ina ni Buknoy na nakaupo sa isang lumang sako na nakalatag sa lupa. May ginagawa ito sa harap niya, tahimik lang habang abala.

Isang maliit na espantaho ang makikita sa harapan ng babae, kakatapos lang itong buuin. Maingat niya itong dinadamitan. Isa-isang isinusuksok ang mga braso ng espantaho sa isang kamiseta. Kamiseta ito ni Buknoy.

Nanginginig ang kanyang mga kamay habang ginagawa ito. Pilit niyang pinipigilan ang hikbi, ngunit hindi nagtagal at tuluyang napaiyak. Yayakapin niya ang espantaho, mahigpit, parang muling niyayakap ang sariling anak.

Sa kinatatayuan niya, napako si Victor. Nanlalaki ang mga mata, hindi makagalaw, hindi makahinga. Pinagmamasdan niya habang itinataas ng ina ang espantaho gamit ang kawayan bilang poste. Itinatayo niya ito sa tabi ng isa pang espantaho na mas malaki, at suot ang damit ng kanyang asawa.

Tahimik na nakatayo ang dalawang espantaho sa kanilang bakuran. Parang mag-ama at anak, kapwa mga nawawala.

Hindi na kinaya ni Victor ang tanawin. Napaatras siya, at napahikbi. Hanggang sa tumakbo siya palayo, tumatawid sa malawak na bukirin. Ang mga damo'y sumasayaw sa ihip ng hangin, tila ba sinusundan ang bigat ng kanyang damdamin.

Maliwanag ang langit, pero ramdam ang bigat sa paligid. Patuloy ang kanyang pagtakbo. Para bang gusto niyang lampasan ang sakit. Isang takbong ayaw mapanatag, ayaw tumigil, ayaw huminto.

**62 INT. BAKURAN NINA MAURA. UMAGA**

Nasa tabi ng kalan si Maura. Maingat siyang nagsasalansan ng tuyong kahoy sa ilalim ng palayok ng sinaing.

Papasok si Victor mula sa labas. Bigla siyang yayakap kay Maura mula sa likod.

Magugulat si Maura. Mapapatingin siya sa anak, nagtataka.

Hindi umiimik si Victor. Mahigpit lang ang yakap niya. Maririnig ni Maura ang hikbi niya.

Tahimik si Maura. Sa pagitan ng halinghing ng apoy at yabag ng hangin, maririnig ang mahinang huni ng kalapati mula sa bintana.

Mapapalingon siya roon. Nandoon ang kalapati ng anak, nakabalik na.

Muling tititig si Maura sa anak. Nababatid niya. Alam niyang may masamang nangyari.

Maingat niyang ipapatong ang kamay sa batok ni Victor. Mula sa likod, yayakapin niya rin ito ng mahigpit.

Tahimik silang magyayakapan sa tabi ng nag-aapoy na kalan.

**63 EXT. BUKID. TAKIPSILIM**

Takipsilim. Unti-unting bumababa ang araw sa likod ng mga bundok.

Nasa gitna ng bukid ang mga kababaihan. Naglalakad sila, bumubuo ng isang prusisyon. Tahimik ang paligid maliban sa tunog ng *takatak,* isang pampaingay na gawa sa kahoy. Hawak ito ng batang nasa unahan.

Isa-isa, bitbit ng mga babae ang mga espantaho. Mula sa malayo, makikita silang parang mga anino. Dahan-dahang umaalon ang kanilang mga hakbang habang tinatamaan ng humihinang sinag ng araw. Sa unang tingin, parang naglalakad ang mga espantaho. Tila mga anino sila na sumasayaw habang nagtatakipsilim ang kalangitan.

Tahimik. Walang musika. Tanging ang huni ng hangin at ang tunog ng *takatak* ang maririnig.

Makikita ang mga lupang wala pa ring tanim. Patay ang damo. Bitak-bitak ang lupa. Pero patuloy lang ang prusisyon, tila may hinihintay.

**64 EXT. KALSADA. GABI**

Gabi na. Dumating na sa kalsada ang prusisyon ng mga kababaihan at kapamilya. Hawak pa rin nila ang mga espantaho na may damit ng kanilang mga mahal sa buhay.

Nasa unahan si Maura. Halos walang emosyon. Tahimik lang siyang naglalakad.

Sa gilid ng kalsada, naroon ang mga bata. Tinutulak nila ang mga laruan nilang gasera, mga botelya ng medisina na may mitsa, nakalagay sa lata ng sardinas, nilagyan ng gulong mula sa pinagtabasang tsinelas. Hawak nila ang mahabang patpat na nakadugtong sa mga ito para itulak habang naglalakad.

Lumapit ang mga bata sa unahan ng prusisyon. Nagpatuloy sila sa pagtutulak ng gasera. Nagsilbi itong ilaw sa dinadaanan ng grupo.

Nangunguna sa hanay ng mga bata si Victor. Tahimik siya, nakatingin sa liwanag na nalilikha ng laruan sa madilim na kalsada.

**65 EXT. MUNISIPYO. GABI**

Nakarating ang prusisyon sa harap ng munisipyo. Tahimik. Buong bigat ng katawan ang bawat hakbang.

Isa-isa nilang inilalapag sa harap ang mga espantaho. Bitbit din nila ang mga karatula. Isa-isa nila itong itinatayo sa tabi ng mga espantaho. Mababasa ang mga nakasulat sa karatula.

- "Katarungan para sa Buhay na Nasayang"
- "Bigas, Hindi Dahas"
- "Nauubos ang Bigas, Buhay nalalagas"
- "Lupa Hindi Bala"
- "Kilalanin ang aming mga CLOA!"

Titigil ng matagal ang kamera sa huling karatula.

- "Ilabas ang mga katawan ng aming mga asawa / anak / ama / ina."

Tahimik. Walang nagsasalita. Tanging ang pagaspas ng hangin at ang tunog ng mga espantaho na gumagalaw sa kaunting ihip lang ang maririnig. Tila ba pinagsisigawan ng karatula ang dinadala nila sa katahimikan.

**66 EXT. MUNISIPYO. GABI. PAGPAPATULOY**

Nakatayo ang mga kababaihan sa harap ng munisipyo. Maayos ang kanilang hanay, nakalinya ng pantay at may sukat ang agwat sa isa't isa. Tahimik. Nakaharap silang lahat sa gusali. Nangunguna sa harap si Maura.

(MUSIKA AT SAYAW)

Sa pagsisimula ng tugtugin, sabay-sabay silang gumalaw. Nagsasayaw sila ng Pantomina – dati para mang-akit ng pag-ibig, ngayon para mamalimos ng hustisya.

Maingat ang bawat indak ng mga kababaihan. Kabisado ang bawat hakbang.

Si Maura, buo ang emosyon habang sumasayaw. Pinipilit niyang ngumiti gaya ng iba. Pero kita sa kanilang mga mukha ang hirap itago ang totoo nilang nararamdaman.

Habang nag-iindak, umaagos ang mga luha sa pisngi ng ilan. Pinipilit nilang panatilihin ang sayaw at ang ngiti, pero dumarating pa rin ang panginginig ng kanilang mga labi. Nagpapatuloy ang sayaw sa gitna ng kirot at galit.

Pinapahiwatig nila ang kanilang protesta at paghingi ng hustisya sa pamamagitan ng Pantomina.

Sa itaas ng beranda ng munisipyo, nakatayo si Mayor Dela Villa. Wala siyang reaksyon. Nakatalikod siya, halatang malapad ang likod, isang pigura ng kapangyarihan.

Hindi pa man natatapos ang sayaw, tatalikuran sila ni Mayor Dela Villa. Ipapasara niya ang mga pintuan at bintana ng munisipyo.

Matatapos ang sayaw nina Maura at mga kababaihan. Makikita ang paglipat ng emosyon ng kanilang mga mukha mula sa huwad na ngiti patungo sa malungkot at nanlulumong pakiramdam.

Mapapatingin na lamang si Maura sa kanyang mga kasama. Makakaramdam siya ng matinding galit at pagkadismaya.

**67 INT. HAPAG-KAINAN. GABI**

Nakaupo sa hapag kainan sina Maura, ang kanyang biyanan na si Gunda at ang kanyang anak na si Victor.

Bakante ang kabisera ng lamesa. Subalit may nakalapag doon na plato at baso. Iyon ang upuan ni Lando. Sa kanan ng lamesa sa perspektibo ng kabisera, nakaupo si Maura. Sa kaliwa naman ay naroon ang biyanan na si Gunda. Katabi ng ina, si Victor.

Tahimik ang lahat. Nakatingin sila sa kabisera. Tila ba naroon ang presensya ni Lando. Tatayo si Victor at bubuksan ang isang radyong nakasabit sa poste ng kawayan. Naiilawan ito ng gasera. Maririnig ang isang instrumental na musika.

(MUSIKA AT SAYAW)

Tahimik. Walang nagsasalita. Pero nagsisimula silang gumalaw para ilabas ang kanilang mga natatagong emosyon.

Nagsasayaw sila ng isang *pantomime,* hindi ang sayaw na Pantomina ng ibon, kundi ang anyo ng paglalabas ng damdamin gamit lang ang kilos at galaw ng katawan. Walang salita. Emosyon lang.

Umiikot ang kamera sa hapag-kainan habang nagaganap ang isang madamdaming hapunan.

Isa itong mahabang sayaw na puno ng emosyon. Tila ba sinasaniban ang kanilang mga karakter ng mga emosyon na hindi nila mapigilan kaya isinasayaw na ng kanilang mga katawan.

Sumusubo ng pagkain. Nakangiti at biglang luluha. Yakap ang sarili at bibitaw. Lilibot ang bawat isa sa kabisera para yakapin ang bakanteng upuan. Sa bawat pagdaan nila doon ay kinakain rin nila ang pagkaing nasa plato at baso ni Lando.

Habang ang mga nasa upuan ay patuloy na ginagawa ang kanilang mga personal na galaw ng emosyon. Matapos makalibot ang tatlo, magyayakapan sila kasama ang bakanteng upuan.

Papakita ang radyo at biglang titigil ang musika nito sa pagpitik ng cassete tape.

Pagbalik ng tingin sa hapag-kainan, ubos na ang pagkain sa tatlong plato. Nakatingin sila sa kabisera kung saan wala naman talagang plato at bakante pa rin ang upuan nito. Pangkaraniwan lamang ang tagpo.

**68 INT. KWARTO. HAPON**

Nasa loob ng kwarto si Maura. Binubuksan niya ang lumang damitan. Isa-isang hinahalungkat ang mga lumang gamit nang tahimik, maingat.

Sa ilalim ng mga damit, makikita niya ang yugál o wedding cord nila ni Lando. Tititigan niya ito sandali. Walang sinasabi, pero malinaw ang bigat ng damdamin. Isang alaala na biglang bumalik.

Kukunin niya ito. Tumayo. Lumabas ng kwarto.

**69 EXT. BUKID. TAKIPSILIM**

Naglalakad si Maura sa gitna ng malawak na bukirin.

Hawak niya ang yugál.

Tahimik ang paligid. Tanging huni ng mga kuliglig at ihip ng hangin sa mga dahon ng palay ang maririnig.

Dumaan siya sa makitid na pilapil. Maingat ang bawat hakbang. Mabagal. Parang may hinihintay.

Bitbit niya ang bigat ng mga alaala.

**70 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. TAKIPSILIM**

(MUSIKA, AWIT AT SAYAW)

Sa gitna ng bukirin sa takipsilim, nagsisimula ang tugtugin ng "SALAMPATING GUMINARO" *(Kalapating Naging Maamo)*.

Sa malayo, matatanaw ang grupo ng koro. Mahina ngunit marubdob nilang inihihimig ang awit.

Nakatayo si Maura sa harap ng espantaho na para sa kanyang asawa.

Nakabitin sa balikat ng espantaho ang kalahati ng yugál.

Dahan-dahang isasabit ni Maura ang kabilang dulo ng tali sa sarili niyang balikat. Parang muling inaalala ang sandali ng kanilang kasal, tila muli silang pinag-uugnay.

Inaawit ng koro ang liriko ng kantang "SALAMPATING GUMINARO".

(AWIT, voice-over ng koro habang sumasayaw si Maura):

Salampating Guminaro, Guminaro

dahil saco, Ano daw an kinamundo,

Ta naglayog nin harayo.

Luminayog paibaba, Napaturo si

sacong luha, Naging salog, naging
sapa, Naging danao na dacula.

*(Kalapati na naging maamo, Naging*
*maamo dahil sa akin. Ano kaya ang*
*kinalungkot niya, dahil lumipad*
*palayo sa akin.)*

*(Lumipad paibaba, tumulo ang aking*
*luha. Naging ilog, naging batis,*
*naging malawak na lawa.)*

Magsisimulang sumayaw si Maura ng PANTOMINA. Sa una, may agwat pa siya sa espantaho. Kumikilos siya na parang hinihintay ang tugon nito. Puno ng pag-aalangan at pananabik.

Unti-unti siyang lumalapit, ang bawat kumpas, isang paglapit sa alaala.

Hinahaplos niya ang espantaho. Para bang may buhay ito. Para bang naroon si Lando. Nilalambing niya ito. Iniikutan. Tila nililigawan. Tila kinakausap.

(AWIT, ipinagpapatuloy):

Hala cang salampati ca, Madacop ca
nin iba, Ilalaog ca sa hawla, Sa
hawlang may seradura.

Diyan ka na magdadanay, Ni pag
inom, ni pagkakan, Tanganing ka
nang magadan, Mapara ka sa kinaban.

*(Kalapati ko, mag-ingat ka, baka*
*mahuli ka sa bitag ng iba.*
*Ikukulong ka sa hawla, sa*
*nakakandadong hawla.)*

*(Diyan ka na mananatili at*
*maghihirap. Walang inumin, walang*
*pagkain, hanggang sa iyong*
*kamatayan. Hanggang sa daigdig, ang*
*buhay mo'y magpaalam.)*

Magsisimula ang ambon.

Habang bumubuhos ang ulan, nagpapatuloy si Maura sa pagsayaw. Hindi siya tumitigil.

Lumalakas ang kanyang bawat padyak, tumatalsik ang putik. Kumakapit ito sa kanyang saya, balat, at buhok. Halos wala na siyang pakialam.

Puno ng pagnanasa at pighati, inaakap niya ang espantaho. Pinupunasan ng kanyang palad ang mukha nitong gawa sa dayami at sako. Pumikit siya. Umungol ng mahina.

Hindi ito bastos, ito'y ritwal ng pananabik at pagdadalamhati. Tila ba hinihiling niyang maramdaman muli ang init ng minamahal. Sa bawat sayaw, sa bawat galaw, sa bawat patak ng ulan, ipinapahiwatig niya ang pag-ibig na hindi na maibabalik.

Ang paligid ay basa, putik, at madilim ngunit nananatiling umaalab ang kanyang damdamin.

**71 INT. KWARTO. GABI**

Kakabit ng sinundang eksena. Nagpapatuloy ang musikang "SALAMPATING GUMINARO".

(MUSIKA AT AWIT)

Habang umaagos ang ulan sa labas, bumabalik sa alaala ni Maura ang isa sa pinakamainit at pinakamatamis na sandali nila ni Lando, ang kanilang pulot-gata.

Makikita sina Maura at Lando sa kanilang payak na kama, sa gitna ng isang gabi ng malakas na ulan.

Naiilawan lamang sila ng gasera. Ang liwanag nito ay banayad, dilaw, at dumarampi sa kanilang balat na parang apoy na nagpapainit sa malamig na paligid.

Kumukulog. Kumikidlat. Naririnig ang lagaslas ng ulan sa bubong ng kubo. Tumatagos ang ilang patak sa bintanang yari sa kahoy at sawali.

Ngunit sa gitna ng ulan, mahimbing ang kanilang yakapan.

Sa gabing ito ay suot rin nila ang yugál na para bang simbulo na ng kanilang pag-iisa at isang pandagdag-timpla sa kanilang pulot-gata.

Magkadikit ang katawan, nagkakaisa ang kaluluwa. Sa bawat haplos, halik, at titig, naroon ang tapat na pag-ibig na walang kailangan kundi katahimikan, pag-ibig, at alaala.

Muling maririnig ang malamyos na bahagi ng kanta.

**72 INT. KWARTO. GABI. IBANG ARAW**

Natapos ang eksena ni Maura sa pakikipagtalik sa espantaho at sa alaala ni Lando.

Titigil ang musika. Maririnig ang mabigat na paghinga ni Maura.

Si Maura ay nakahiga sa kama, hingal na hingal. Nakadukot pa rin ang kanyang kamay sa pagitan ng kanyang mga hita. Ang kanyang mga mata ay walang tutok, tila nakalutang sa kung saan.

Sa labas, patuloy ang ulan. Tumutulo ito sa bubong at bintana. Sa sahig sa ilalim ng kanyang kama, nagsisimula nang bumaha. Ang tubig ay umaagos, malamig, walang direksyon.

Nagpapasakop ang bahay sa baha, gaya ng katawan ni Maura sa alaala.

Nakapulupot sa kanyang kamay ang yugál. Parang posas. Parang tali. Parang yakap.

Muling papasok ang musika.

(MUSIKA AT AWIT)

Salampating Guminaro, Guminaro

dahil saco, Ano daw an kinamundo,

Ta naglayog nin harayo.

Luminayog paibaba, Napaturo si

sacong luha, Naging salog, naging

sapa, Naging danao na dacula.

*(Kalapati na naging maamo, Naging*

*maamo dahil sa akin. Ano kaya ang*

*kinalungkot niya, dahil lumipad*

*palayo sa akin.)*

*(Lumipad paibaba, tumulo ang aking*

*luha. Naging ilog, naging batis,*

*naging malawak na lawa.)*

Dahan-dahang iikot ang kamera.

Titig sa kisame. Titig sa baha. Titig sa mga kamay niyang hindi na alam kung saan ilalagay.

Walang luha. Pero nababasa ang lahat.

Hala cang salampati ca, Madacop ca

nin iba, Ilalaog ca sa hawla, Sa
hawlang may seradura.

*(Kalapati ko, mag-ingat ka, baka*
*mahuli ka sa bitag ng iba.*
*Ikukulong ka sa hawla, sa*
*nakakandadong hawla.)*

**73 INT. HAPAG-KAINAN. GABI**

Ang tubig-baha ay pumasok na sa bahay. Hanggang tuhod na ang taas nito sa loob ng hapag-kainan. Umiindayog ito nang marahan, parang humihinga.

Tahimik.

Muling papasok ang kanta.

(MUSIKA AT AWIT)

Uulitin ang liriko ng kanta.

Luminayog paibaba, Napaturo si
sacong luha, Naging salog, naging
sapa, Naging danao na dacula.

*(Lumipad paibaba, tumulo ang aking*

*luha. Naging ilog, naging batis,*

*naging malawak na lawa.)*

Walang tao na nakaupo sa kanilang hapag-kainan, subalit kita ang pananahimik ng mga upuan at lamesa. Sa gitna ng lamesa, nakasindi ang isang gasera. Tumatanglaw ito sa gitna ng baha, tila huling ilaw ng isang lumulubog na alaala. Kumikinang sa tubig ang liwanag nito, gumagalaw kasabay ng agos. Tila bang sinasalamin ng baha ang lahat ng luhang hindi nila napakawalan.

Sa labas, patuloy ang ulan. Sa loob, katahimikan.

Sa dulo ng kanta…

*...Naging salog, naging sapa,*

*Naging danao na dacula.*

*(Naging ilog, naging batis,*

*naging malawak na lawa.)*

Ang kamera ay dahan-dahang lalapit sa bakanteng upuan sa kabisera. Umiilaw ito sa gitna ng dilim.

Tila may presensyang nakaupo. O baka multo ng mga hindi masabi.

**74 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. GABI**

Patuloy ang pagbuhos ng ulan. Ang kalangitan ay tila wala nang balak tumigil.

Sa gitna ng bukid, sa pagitan ng mga espantaho, nakahiga si Maura sa putikan. Yakap-yakap niya ang kanyang sarili. Basang-basa. Kumakapit ang putik sa kanyang katawan, parang bigat ng mga alaala at pighati.

Hindi na maipaghiwalay kung alin ang ulan at alin ang luha. Sama-samang bumabagsak sa kanyang mukha ang lahat ng sakit.

Naroon pa rin ang Koro sa di kalayuan. Basang-basa na rin sila, pero patuloy ang kanilang pag-awit. Ang tinig nila ay tila panalangin, o panaghoy ng mga kaluluwang hindi matahimik.

Ang huling linya ng kanta ay iniaawit na tila isang dasal, mahina, halos pabulong.

(MUSIKA AT AWIT, HUMIHINA)

*Hala cang salampati ca,*

*Madacop ca nin iba,*

*Ilalaog ca sa hawla…*

*(Kalapati ko, mag-ingat ka, baka*

*mahuli ka sa bitag ng iba.*

*Ikukulong ka sa hawla, sa*

*nakakandadong hawla.)*

Magsisimulang humina ang kanta. Isa-isang tumitigil ang mga tinig. Hanggang ang natira na lang ay ang ingay ng ulan.

Si Maura, nakahandusay pa rin, hindi gumagalaw. Wala nang luha. Wala na ring awit.

Tanging ulan.

**75 INT. KUSINA NG BAHAY. ARAW**

Tahimik sa loob ng bahay. Sa gitna ng katahimikan, makikita si Maura na maingat na naglilipat ng *lambanog* mula sa isang paso papunta sa tatlong basyong bote. Isa-isa niyang pinupuno ang mga ito, tila isang ritwal ng pag-aayos; tahimik, walang pagmamadali.

Sa bawat pagbuhos, napapatingin siya sa karit na nakasandal sa dingding. Gamit ito ni Lando, at ngayon ay tila isa nang relikya, tanda ng mga araw na hindi na babalik.

Matapos mapuno ang mga bote, inilalagay niya ito sa isang basket. Kasama ng mga ito ang isang baso, na tila hindi lamang panukat kundi paanyaya.

Katabi ng basket, may ilang nakatiklop na papel. Kukunin ito ni Maura at maingat na isisilid sa bulsa ng kanyang damit.

Sandaling tumigil si Maura. Tumingin siya sa paligid ng kanyang tahanan, sa katahimikang bumalot matapos ang bagyong personal. Wala siyang sinabi. Pero batid sa kilos na may tunguhin na siya.

Bitbit ang basket, lalabas siya ng bahay.

**76 EXT - INT. KALSADA - BAKURAN - LOOB NG BAHAY. ARAW**

Naglalakad siya sa kalsadang putikan na tila ba nahihirapan sa bigat ng dala-dalang mga bote ng lambanog. Subalit ang damdamin niya ngayon ay may kasamang bagong yugto ng determinasyon.

Maingat ang kanyang kilos, laging tumitingin sa paligid. May tensyon sa kanyang mata – parang may hinahanap na hindi dapat makita, o iniwasan na huwag mapansin.

Mula sa kanto, makakasalubong niya ang dalawang sundalo na nagroronda. May dalang baril. Mahigpit ang mukha.

Saglit siyang hihinto. Tumingala. Nginingitian sila.

Tinitigan siya ng mga sundalo. Panandalian lang, pero sapat para mapigil ang paghinga.

Tuluyang lumagpas ang mga sundalo. Wala silang sinabi. Sa sandaling ito, maingat na muling humakbang si Maura.

**77 EXT. BAKURAN NG KAPWA BABAE 1. ARAW**

Sa isang bakuran, makikita niya ang isang BABAE na nagwawalis. Magtititigan sila. May katahimikan.

Lalapit si Maura.

Hindi magsasalita. Sa halip, magsisimula siyang sumayaw ng PANTOMINA – panibagong sayaw ng panliligaw, panawagan, at pagkakaunawaan. Mahinahon, parang hangin. Ngunit may diwang palaban sa kanyang galaw.

Ang babae, hindi pa rin kumikilos. Hawak pa rin ang walis. Tumingin-tingin sa paligid, sa likod, sa kaliwa, sa kanan, sa mga posibleng matang nakamasid.

Nang masigurong ligtas, dahan-dahang lumapit ang babae.

Inihahanda ni Maura ang isang tagay ng lambanog. Sa pag-abot ng baso, isisingit niya ang isang nakatiklop na papel mula sa kanyang bulsa. Malinis ang galaw, parang ensayo.

Tatanggapin ito ng babae. Maingat. Hindi agad iinumin. Tumingin ulit sa paligid, saka lamang kakapain ang papel at itatago sa palad.

Iinumin ang lambanog. Tahimik. Walang imik.

Pagkatapos, papasok siya sa kanyang bahay.

**78 INT. BAHAY NG KAPWA BABAE 1. ARAW. PAGPAPATULOY**

Mula sa bulsa, bubuksan ng babae ang papel. Hindi pa ipinapakita ang laman. Ngunit ang kanyang mukha ay nagbago, may bigat, may pag-unawa, may panata.

Kukuha siya ng bigas na kanyang sinukat sa pamamagitan ng kanyang patikom at palabang kamao.

**79 EXT. BAKURAN NG KAPWA BABAE 1. ARAW. PAGPAPATULOY**

Sa labas, patuloy ang sayaw ni Maura. Ngunit ngayon, mas matalim, mas may anggulo, mas may pwersa; hindi na lamang pakikiusap, kundi babala.

Pagbalik ng babae, may dala na itong tatlong takal ng bigas. Iaabot niya ang dalang maliit na sako na gawa sa abaka para dito mailagay ng babae ang bigay niyang bigas.

Ngunit bago lumisan si Maura, magkakatitigan sila nang matagal. Isang tango ng pasasalamat. Isang ngiting may kasamang pahiwatig: Nagkakaintindihan tayo.

Ngumingiti rin ang babae. Hindi ngiti ng tuwa, kundi ng pagpasya.

At habang nakikita ang paglayo ni Maura, papasok ang babae sa kanyang bahay. Magsasara ng pinto.

**80 INT. BAHAY NG KAPWA BABAE 1. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nasa loob na muli ang babae. Sinara ang pinto.

Sasayaw siya ng PANTOMINA. May kapareho nang galaw, may diin at kanto, tulad ng kay Maura.

Hindi ito simpleng paggaya. Ito’y panata.

**81 EXT. KALSADA. ARAW**

Nagpapatuloy sa paglalakad si Maura sa kalsada. Bitbit pa rin ang basket na may natitirang lambanog at baso, at ang maliit na sako ng bigas.

Napapatingin pa rin siya sa paligid, nakatutok sa bawat sulok, maingat sa bawat hakbang. Ang kanyang paglalakad ay tila pagsukat kung ligtas pa ba ang bawat bahay na binubuksan ng kanyang panawagan.

**82 EXT. BAKURAN NG KAPWA BABAE 2. ARAW**

Sa harap ng isang bahay, naroon ang isang BABAE, tahimik, nakatayo sa ilalim ng lilim ng puno. Sa kanyang postura ay mababakas ang lungkot, ang pagkawala, ang paninimdim, at ang unti-unting pagtanggap sa kawalan.

Lalapit si Maura. Magsasayaw muli ng PANTOMINA.

Ang mga galaw niya ay malambing ngunit may bigat. Ang bawat ikot ng palad, bawat tikwas ng siko, bawat pagyuko ng ulo ay nagpapakahulugan ng pakikiisa.

Saglit ang katahimikan.

Titingin-tingin ang babae sa paligid, tulad ng nauna, sinisigurado kung may matang nakatingin, kung ligtas pa bang makipag-ugnayan.

Maingat na tinanggap ang tagay na inihanda ni Maura. Walang salita. Pag-inom, isang ungol ng pait. Naisabay na ata ang pait ng alaala.

**83 INT. BAHAY NG KAPWA BABAE 2. ARAW. PAGPAPATULOY**

Sa loob ng bahay, madilim. Marahang isasara ng babae ang pinto. Saglit na titigil. Sa kanyang mga kamay, muling isasalo ang sukat ng bigas gamit ang mga kamaong tikom.

**84 EXT. BAKURAN NG KAPWA BABAE 2. ARAW. PAGPAPATULOY**

Ibibigay ang bigas kay Maura. Ilalagay ito sa sako. Tatango siya ng pasasalamat.

Ngunit higit pa sa pasasalamat ang kanyang ngiti. Isa itong ngiting may kasamang sigla ng isang lihim, may kasunduan ng mga nananahimik.

Gagantihan siya ng babae ng ngiting pareho ng diwa. Hindi ito ngiti ng tuwa, kundi ngiti ng pagkakaunawaan sa gitna ng panganib.

**85 INT. BAHAY NG KAPWA BABAE 2. ARAW. PAGPAPATULOY**

Nasa loob na muli ang babae. Tahimik.

Pagkatapos, sasayaw siya ng PANTOMINA. Paunti-unti sa simula. Mula sa paa, hanggang sa mga kamay. Ginagaya niya si Maura.

Ngunit ang kanyang galaw ay mas matalas na ngayon. May diin. May kanto. May panata.

**86 EXT. KALSADA. ARAW. PAGPAPATULOY**

(MUSIKA AT GALAW)

Si Maura ay patuloy sa paglalakad sa kahabaan ng kalsada, bitbit ang basket ng lambanog at palay. Hindi na siya isang indibidwal na pagod sa dala, isa na siyang mensahera.

Isa-isa niyang pinupuntahan ang mga kabahayan ng kababaihang naulila ng pakikipaglaban sa lupa.

(MONTAGE, kasabay ng musika ng “PANTOMINA”):

– Sa harap ng ikatlong bahay, sumasayaw si Maura ng PANTOMINA, ang mga galaw ay nagsusumamo ng pagtanggap.

– May isang BABAE na nakasuot ng kupas na kamiseta, nangingilid ang luha habang tinatanggap ang baso.

– Sa ikaapat na bahay, palihim na binabasa ang papel ng BABAE habang sinusuyod ng tingin ang paligid.

– Sa ikalima, isang kamay ng BABAE na may galos ang maingat na sumusukat ng bigas mula sa kamaong tikom.

– Sa ikaanim na bahay, ginagaya ng BABAE ang sayaw ni Maura, pati na ang emosyon ng mukha na may timpla ng pakikipaglaban.

Uulitin-ulitin ang mga ginagawa ng mga kababaihan at ni Maura:

– Sayaw.

– Tagay.

– Papel.

– Bigas.

– Ngiti.

Sa bawat pagbukas ng pinto, tila isa-isang nabubuhay ang mga katawan sa sayaw. May bigat, may layunin, may galit na kinikimkim.

Sa ikapitong bahay, bumabagsak na ang huling tempo ng musika, tahimik na tinanggap ng BABAE ang papel mula kay Maura.

Sa pagbukas nito, sa gitna ng saglit na katahimikan at humuhupa nang sayaw, makikita ang kamay ng babae habang binubuklat ang papel.

Mababasa dito ang: ”Papel sa Dulo ng Pilapil."

**87 INT. BAHAY NI MAURA. ARAW**

Pagbalik mula sa kanyang paglilibot, inilapag ni Maura ang kanyang munting basket. Napuno ito ng bigas mula sa mga kamaong tikom ng kababaihan.

Isasara niya ang nakabukas na bintana. Tutungo siya sa kalan at papaapuyin ang mga tirang kahoy na nakasalang dito.

Kukuha siya ng itak. Maingat ngunit may bigat ang bawat hakbang patungo sa isang sulok ng kusina, kung saan nakasabit ang lumang radyo. Sa likod nito, may isang poste ng kawayan.

Bibiyakin niya ito. Isang piraso ng papel ang kanyang huhugutin. Tinitigan niya ito na pansin sa kanyang mata ang pag-iingat.

Maglalagay siya ng lambanog sa baso. Walang pag-aalinlangan, lalagukin niya ito. Ang pait ay humahalo sa alaala, ang tapang ay lumalatag sa kanyang mukha. Tinitingnan natin siya bilang isang katawan na pinaglagakan ng maraming luha, galit, at paninindigan.

Hinugot niya ang natitirang mga papel mula sa kanyang pagbabahay-bahay. Isa-isa niyang isinasalang sa apoy.  Nasusunog ang papel habang nababasa ang mga katagang: "Papel sa Dulo ng Pilapil."

**88 EXT. GITNA NG GUBAT. GABI.**

Ang liwanag ng lampara ay tumatama sa isang papel na hawak ng isang kamay: “Papel sa Dulo ng Pilapil.”

Ibinaba ang papel. Sa pag-angat ng kamera, isang pilapil ang nasisinagan ng lampara. Sa dulo nito, may isang karatula: “NO TRESPASSING.”

Nakatayo roon si MAURA. Maingat. Gising ang mga pandama. Lilingon-lingon. Nagbabantay kung may mga matang nakamasid.

Hahawi siya ng mga matataas na damo. Maglalakad papasok, dahan-dahan, parang panalangin ang bawat hakbang.

Sa kaloob-looban ng kadamuhan, tatambad ang isang bukas na espasyo. Naroon ang ilang kababaihan, mga balong nawalan, mga inang iniwan ng mga sistemang lumamon sa kanilang mga mahal sa buhay.

Naroon din si Gunda. Lahat sila ay tahimik. May pag-iingat sa bawat kaba ng kalooban. Walang salita, ngunit puno ng pagtanggap at pagkilala sa bawat isa.

Mapapatingin silang lahat kay Maura. Tumango sila sa isa't isa. Sapat na ang tango para sa pagkakaunawaan.

Isa-isang maglalabas ang mga kababaihan ng mga dala-dala nilang CLOA. Ito ang mga dokumentong patunay ng karapatang itinaya ang buhay para sa lupa.

May isang lumang baul sa gitna. Isa-isa, isinusuksok nila ang kanilang mga CLOA sa loob na para bang inihahabilin na nila ito sa tadhana at panibagong panata.

Isang babae ang nagbubungkal ng lupa. Walang dramang tunog. Tanging ang ritmikong tunog ng pala sa lupa ang naririnig. Nang sapat na ang lalim, ibinaba nila ang baul sa hukay.
Walang malalaking linya. Wala ring iyakan. Mamamasid lamang ay ang ang kolektibong galaw ng mga babaeng tumatahak sa panganib upang itaguyod ang hustisya.

Tatakpan nila ng lupa ang baul. Kasabay ng bawat tabon, tila ba may tinatabunan din silang takot, o lumang mundo na kailangan nang ibaon.

**89 EXT. BUKID. LUPAIN NG MGA ESPANTAHO. HAPON**

(MUSIKA AT SAYAW)

Maririnig ang intro ng tugtuging PANTOMINA.

Makikita ang ibabang bahagi ng poste ng mga espantaho kung saan tumubo na ang damo at nalaglag na ang ilang bahagi ng mga nalumang damit. May mga puti-puting tuyong ipot din ang nakakapit sa mga damo, tanda ng mga bumisitang mga kalapati sa kanilang mga puntod ng pag-alaala.

Unti-unting aangat ang kamera. Sa gitna ng bukid, sa ibabaw ng mataas na poste, isang lalaking mukhang espantaho ang matatagpuan ngunit siya'y buhay. Isang buhay na espantaho si Lando. Tila isa siyang bantayog ng paghihimagsik. Hawak ang gitara, tinutugtog niya ang PANTOMINA. Ang bawat nota ay pulido, matalim, puno ng lakas. May hinaing, may sigaw, may galit.

Unti-unting iaangat pa ang kamera at bubungad ang dalawampu't isa pang mga nakatayong espantaho. Ngunit hindi sila patay. Sila'y mga buhay na espantaho.

Naroon din makikita ang asawa ni Marife at Linda. Pati na rin ang batang si Buknoy ay naroon din. Halo-halo na sila - babae, lalaki, bata at matanda. Sila ay nasa itaas ng mga poste. May

hawak silang gitara, bandurya, at ilan ay may kulintang o iba pang instrumentong pang-probinsiya.

Lalabas sa likod ng mga buhay na espantaho ang mga kababaihan. Nangunguna sa mga ito si Maura na nasa harapan ng espantaho ni Lando. Halo-halo na sila - babae, lalaki, bata at matanda.

Silang lahat ay sumasayaw ng PANTOMINA sa ibaba ng poste.

Patuloy naman ang tugtog ng instrumento sa itaas ng mga kaparehang espantaho.

Ang unang kumpas ay mabagal tulad ng mga naunang kasalan, ngunit walang ligaya. Seryoso. Wala ni isang ngiti. Wala ring luha. Ang sayaw ay tila dasal sa ilalim ng takot.

Habang tumatagal, lumalakas ang kumpas, lumalalim ang titig, lumalaki ang mga galaw.

Ang mga kamay ay nagiging pakpak na gustong lumipad. Umaabot, kumakampay. Tila mga ibon na nais makawala sa lambat. Maririnig ang mga kumpas ng pakpak ng kalapati sa kanilang mga galaw.

Sa itaas ng mga espantaho, tumitindi ang tugtugin. Ang ritmo ng gitara ay parang martilyo sa dibdib. Pabilis nang pabilis. Mas matapang. Pintig ito ng panawagan.

Kung titingnan mula sa itaas, makikita ang pag-ikot ng bawat isa sa kanilang kaparehong espantaho. Kumakampay sila na tila lumilipad kasabay ng mga mahahabang suot nilang tela.

Pabilis nang pabilis ang tempo ng tugtog. May tapang. May galit.

Isang malakas na huling kabray ng gitara ang sumara sa lahat.

Sa panumandaling katahimikan, nanahimik rin ang mga espantaho. Bumalik sa dating anyo, wala na muling buhay. Nananatiling nakatayo. Tila muling naging bantayog ng pagkawala.

Nagpapatuloy ang mga hingal ng mga kababaihan habang ang mga kamay nila ay nakaanyong pakpak na patuloy pang kumakampay na sumasabay sa kanilang paghingal.

Ang mga mata nila ay tila lumiliyab. Walang luha kundi apoy ng panata at tapang.

Dadaan ang isang malakas na hangin at gagalaw ang mga espantaho. Para bang bumisita ang kanilang mga kaluluwa na nagpahid ng bendisyon.

**90 INT. BAHAY NI MAURA. GABI**

Ang bahay ay tahimik. Liwanag ng buwan ang bumabalot sa mga dingding. Walang hangin, ngunit may dumaraang alaala.

Nagsisimulang marinig ang “SARUNG BANGGI” na tila nanggagaling sa loob ng puso.

(MUSIKA AT AWIT)

Sarung banggi sa higdaan,

nakadangog ako nin huni nin sarung gamgam,

*(Isang gabi sa higaan, nakarinig*

*ako ng huni ng isang ibon)*

Nakahiga si Maura sa kanyang papag. Mahimbing na ang kanyang tulog. Isang kalapati muli ang dadapo sa kanyang bintana. Para ba itong isinugo. Huhuni ito na tila umaawit ng pagtawag sa babae.

Sa luba ko katorogan,

Bako kundi simong boses iyo palan.

*(akala ko'y panaginip lamang ngunit hindi*

*pala sapagkat ikaw pala iyon)*

Ang ibon ay papagaspas palayo. Dahan-dahang lumilipad, iniwan ang katahimikan ngunit iniukit ang tunog ng kanyang pagdating para maging daan.

Maaalimpungatan si Maura. Titingala siya, tatanaw sa direksyong pinag-alisan ng ibon ngunit hindi niya bubuksan ang kanyang mga mata. Sapagkat ang tanawing ito'y hindi kailangang makita, kundi maramdaman.

Sa pagitan ng tulog at gising, buhay at alaala, muling bumabalik ang isang boses. Hindi malinaw kung ito ba'y panaginip, guniguni, o isang pangakong tinutupad lamang.

Nagpapatuloy pa rin ang huni ng kalapati. At si Maura ay nananatiling tahimik, nakikinig.

**91 EXT. GUBAT. GABI**

Patuloy ang huni ng ibon at sinusundan ito ni Maura.

Naglalakad nang tulog si Maura. Nagpapatuloy pa rin ang tugtog at awitin ng "SARUNG BANGGI”.

(MUSIKA AT AWIT)

Dagos ako bangon si sakuyang mata iminuklat

Kaidtong kadikluman ako nangalagkalag

Si sakong paghiling pasiring sa itaas

Simong lawog nahiling ko maliwanag

*(Agad akong bumangon, iminulat ang mata.*

*Sa kadiliman, ako ay nagmasid-masid.*

*Ang paningin ko ay tumungo sa itaas,*

*nakita ko ang mukha mong nagliliwanag)*

Makakarating siya sa gitna ng gubat. Maririnig ang mga pagaspas ng pakpak ng ibon. Lilingon-lingon siya sa pinanggagalingan ng tunog. Nananatiling nakapikit pa rin ang kanyang mata. Ibinabaling niya ang ulo sa direksyon ng naririnig na pagaspas.

Paulit-ulit ang pagpagaspas ng pakpak ng ibon na tila ba sumasayaw sa hangin. Kung titingnan sa itaas, makikita ang babae na parang sumasayaw sa bawat paglingon niya sa pagaspas ng pakpak. Sumasabay sa galaw niya ang kanyang mahabang puting damit. Para siyang idinuduyan ng hangin at ng himno ng "SARUNG BANGGI”.

Sa isang mabilis na pag-ikot ng kanyang galaw sa sayaw, biglang lilitaw na kasayaw na mismo niya ang kanyang hinahanap na asawa. Nakaputing suot. Mapapangiti siya ng bahagya subalit ibabalik sa pagkaseryoso dahil mas papakiramdaman niya ang kanilang sinisimulang sayaw.

Napakaayos ng sayaw nila. Sumasabay ang mga katawan nila sa tempo ng musika. Para bang inililipad lamang sila ng mga nota ng tugtugin habang nanatiling magkahawak ang kanilang mga kamay.

Magtatagal ang sayaw nila ng isang minuto subalit tila ipinakita ang magdamag na sayaw ng isang mag-irog na matagal na nawalay. Detalyado ang mga yakap at yapos. Pinaparamdam ang higpit ng kanilang mga paghawak na tila ayaw pakawalan ang isa’t isa.

Hanggang sa huling sandali ng sayaw ay mahigpit pa ang hawak ni Maura. Sa bawat ikot at pagdidikit muli ng mga katawan, lalong mararamdaman ang ayaw magpakawalang babae.

Subalit sa dulo ay mararamdaman niya ang pagtulo ng luha ng kanyang kabiyak. Nagpapahiwatig ang kanyang mga haplos na tama na.

Unti-unti siyang bibitaw habang nagpapatuloy pa rin ang sayaw. Sa pagbitaw ni Maura, saka tutulo ang kanyang luha.

Nananatiling nakapikit pa rin ang kanyang mata. Subalit nakadilat at nakatitig sa kanya ang paningin ni Lando habang papalayong sumasayaw. Ganoon rin ang babae, sumasayaw pa rin siya ng PANTOMINA na tila nanliligaw pa rin sa kabiyak.

Pumapagaspas ang kanyang kamay na mistulang pakpak.

Maririnig ang pagaspas ng mga pakpak ng ibon. Makikita ang pagtabi ng nga puting kalapati sa kabiyak na lalaki.

Nagliliwanag na sila lahat kasama ang mga ibon. Nakangiti na ang lalaki habang umaangat na sila pataas.

Maririnig ang liriko ng awitin na inuulit-ulit.

Si sakong pagheling pasiring sa itaas,
simong lawog naheling ko, maliwanag.

…si sakong pagheling pasiring sa itaas,
simong lawog naheling ko, maliwanag.

*(Ang paningin ko ay tumungo sa itaas,*

*nakita ko ang mukha mong nagliliwanag)*

Makikitang mag-isa si Maura sa madilim na lugar. Para siyang nakaapak sa ulap ng usok na nakalapat sa lupa.

**92 EXT. LUPANG PINAGTATAYUAN NG GUSALI. GABI. PAGPAPATULOY**

Nananatiling nakapikit si Maura.

Isang paghinga…

At unti-unting dumidilat ang kanyang mga mata.

Ang kanyang mukha ay nakatanim pa rin sa gabi. Unti-unting bumababa ang kanyang paningin. Kumakalas sa kanyang mga paa ang usok na tila saplot ng ulap sa lupa. At sa unti-unting paglilinaw ng paligid, isang tanawin ang sumalubong sa kanya.

Nakatitig siya ngayon sa isang hukay. Malalim. Madilim. Ngunit malinaw ang laman. Doon, magkakapatong ang mga bangkay. Wala silang saplot, ang ilan ay naaagnas, ang ilan ay parang bagong nawala. Katabi nila ang kanilang mga sumbrerong buri, tuyong alaala ng araw at sakahan. At sa gitna ng lahat, naroon si Lando, payapang nahihimlay.

Nanginig at napako sa kinatatayuan si Maura. Hindi dahil sa lamig, kundi dahil sa bigat. Sumasabay ang pagbuhos ng kanyang luha. Tulad ng pagbulwak ng tubig mula sa sirang dam,

sumabay sa kanyang katawan ang pagragasa ng luha. Tumiklop ang kanyang tuhod. Ngunit pinilit niyang lumakad. Isang hakbang. Isa pa. Hanggang sa tuluyang mapalapit sa hukay.

At sa isang pag-apak ng paang nanginginig, nadulas siya pababa. Tumama ang katawan sa mga hubad na katawan. Ang iba'y natuklap, ang iba'y dumurog sa kanyang pagdaan. Ngunit hindi siya tumigil. Patuloy siyang gumapang, iika-ika, pilit nilalapitan ang kabiyak.

Sa wakas, narating niya ito. Ni hindi siya nagdalawang-isip. Isang mahigpit na yakap ang ibinigay niya kay Lando. Mahigpit, parang sinasalo ang bigat ng gabi, ng taon, ng pagkawala.

At doon, sa kanyang yakap, sa wakas, lumabas ang boses. Isang sigaw. Isang galit. Isang kapaitang hindi na kayang sarilinin.

At sa kanyang sigaw, nagsimulang dumating ang mga babae.

Isa-isa silang lumitaw mula sa dilim, may dala-dalang mga sulo na unti-unting naghahawi ng usok at nagpapaliwanag sa paligid. Nakapalibot sila sa hukay, sa mga bangkay. At sa dilim ng gabi, sinimulan nilang hanapin ang kani-kanilang minamahal.

Isang malawak na eksena ng mga asawang babae, nakayuko, nakaluhod, nakatitig sa mga hindi na nila mabigyang-anyo, mga katawan na minsan nilang niyakap, nilutuan, minahal.

Sa itaas, isang tanawin ang bumuo: si Maura, yakap si Lando. Sa kanyang paligid, ang ibang mga babae, hawak ang mga katawan ng minamahal. Sa gitna sila ng tinatayong gusali, isang haligi ng lungsod na itinayo sa ibabaw ng libingan.

Ang liwanag ng mga sulo ay pumapaimbulog. Kumakalat sa haligi. Umaagos palabas sa mga bintanang wala pang salamin. Binubunyag ang totoo: hindi simula ang kanilang inaapakan, kundi wakas. Hindi progreso, kundi libingan.

Sa gilid ng gusali, naroon pa rin ang anunsyo. “PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO RITO!”

At ngayon, malinaw na ang lupaing kanilang ipinaglaban, ang lupang pinagtaniman, pinagsablayan, pinagtubuan ng pawis ay naging mismong libingan ng kanilang mga asawa.

Buhay nila ang naging pundasyon ng mga haliging hindi para sa kanila.

**93 INT. KULUNGAN. GABI**

Tahimik na muli ang gabi. At sa loob ng lumang silid, naroon pa rin ang kulungan; bakal, kalawangin, at may aninong tila naninimbang sa bigat ng panahon.

Sa loob, ang mga kalapating sabik sa paglipad, ay paikot-ikot at nagkakabanggaan ng pakpak.

Biglang gumalaw ang lupa.

Sumalampak ang kulungan. Kumalas ito sa pagkakakapit sa semento, tila sinukuan ng pader na matagal nang nagpipigil sa pag-alis ng mga nilalang na naroon.

Sa pagbagsak ng kulungan, lumipad palabas ang mga kalapati.

Sabay-sabay. Parang usok na kumakawala. Parang kaluluwang hindi na kayang ikulong.

At sa kanilang pag-alis, naiwan ang katahimikan puno ng kapayapaan.

**94 INT-EXT. KUBO/BODEGA SA BUKID. GABI**

Makikita ang kubong nakita sa pinakaunang eksena kung saan nag-eensayo ng sayaw na Pantomina ang mga ikakasal. Ang dating pugad ng saya at sayaw, ngayo'y balot ng katahimikan. Wala na ang tugtog ng radyo. Tahimik ang hangin, at tila nagluluksa maging ang gabi. Ang mga intrumento tulad ng gitara at bandurya ay nakalatag sa grupo ng mga upuan. Para silang koro na nawalan ng mga boses. Tahimik. Malungkot.

Sa gitna ng silid, nakahanay ang mga payak na kabaong. Isa-isa silang binabantayan ng mga naiwan. Wala ni isang umiiyak nang malakas. Tila nalunod na sa pagod ang luha.

Tahimik ang pagdadalamhati. Hindi kailangan ng salita. Sa bawat buntong-hininga, ramdam ang bigat ng paghahanap, ang bigat ng pagkatagpo.

Wala na ang sayaw ng Pantomina, wala na ang kantang sabay nilang inaawit. Ang kubo, minsang naging silid ng paghahanda para sa kasal, ngayon ay naging dambana ng pagdadalamhati.

Pahinga nila ito mula sa pagtitiis. Humihinga sila ng kalungkutan. Humihinga ang gabi, mabigat, mabagal, malungkot.

**95 INT - EXT. BAHAY - BAKURAN. MADALING-ARAW**

Sa pagitan ng dilim at liwanag, unang tilaok ng manok ang nagsalita sa umaga. Sa bukid, unti-unting lumalapit ang araw, hinahaplos ng gintong liwanag ang lupa.

Nag-aayos si Maura ng damit pangsaka sa loob ng kanilang bahay. Bubuksan niya ang kahon ng mga damit ng kanyang asawa.

Kukunin niya ito at isusuot. Tuluyan niyang isinusuot ang bagong responsibilidad.

Sa basag na salamin, makikita ang repleksyon: si Maura kasama ang anino ng kabiyak. Sa paglalapat ng tela sa kanyang katawan, para bang binubuhay niya muli ang hindi na makababalik.

Lalabas siya sa bahay. Walang salitang binibitawan. Sa kanyang paglakad, naroon ang tibok ng loob, mabagal ngunit matatag.

Sa bubungan, maririnig ang pagkampay ng pakpak. Ang alagang ibon ni Victor ay lilipad palabas ng bahay-kalapati. Tahimik itong susunod kay Maura, isang aninong may pakpak, gabay ng panibagong araw.

**96 EXT. BUKID. PINAG-AAGAWANG LUPA. ARAW**

Sa itaas, mula sa himpapawid, tanaw ng kalapati si Maura na muling tinatahak ang lupang minsang naging saksi sa dugo, luha, at pagkawala.

Kasabay ng bawat hakbang niya sa putikan ay ang maingat na pagtibok ng pag-aalinlangan. Ngunit sa gitna ng kaba, tumitindig ang paninindigan. Sa kanyang harapan, ang kalapati'y lumilipad, waring gabay at saksi.

Ibinaba ni Maura ang kanyang paa sa basang lupa. Tumigil saglit, huminga ng malalim. Mula sa kanyang labi, sisilip ang isang maliit na ngiti ngunit may tapang.

Dinukot niya ang mga binhi ng palay mula sa lumang basket na yari sa abaka, basket na minsang ginamit sa paglalako ng lambanog, ngayon ay sisidlan ng bagong pagsisimula. Isa-isa niyang ikinalat ang mga binhi sa basang lupa.

Sa kanyang harapan, dumausdos pababa ang kalapati. Tumuka sa lupa.

Sa kanyang paningin, nasisilaw pa siya sa araw. Ngunit sa likod ng liwanag, may naaaninag siyang mga hugis. Mga anino sa dulo ng kanyang paningin. Tila mga espantaho na nakatanod sa gitna ng taniman.

Pinilit niyang idilat ang paningin, hinayaang mawala ang harang ng liwanag. Unti-unting luminaw ang mga anyo.

Hindi sila espantaho. Sila'y mga kababaihan, mga naulilang asawa, mga inang nagdadalamhati, mga balong tumangis. Nakatayo sila sa linya ng araw, suot ang kasuotan ng mga minahal nilang nawala, dala rin ang mga basket ng binhi. Tatlumpu sila.

Sa himpapawid, bumababa ang isa pang pulutong. Mga kalapati, singdami ng kababaihan, pumapailanlang sa hangin.

Sa gitna ng bukid, sa pagitan ng langit at lupa, nagsasama ang mga alaala at ang panibagong simula. Sa pagsabog ng mga butil sa lupa at sa pagkampay ng mga pakpak, may bagong pangako ang inihahasik.

**97 EXT. LUPAIN NG ESPANTAHO. ARAW**

Sa gitna ng malawak na taniman, nakatindig ang mga espantaho, tahimik, wari'y bantay ng isang lumipas na digmaan. Ngunit ngayon, wala na ang kanilang mga saplot. Ang mga damit na minsang sumasayaw sa hangin, kinuha na. Ngunit hindi ito pagkawala. Ito ay paglipat. Ang mga tela'y naglakbay tungo sa bagong katawan ng mga nabubuhay pa, ng mga lumalaban, ng mga nagsasaka muli. Sa pag-alis ng mga saplot, tila ba muling ibinalik sa espantaho ang kanilang pagiging tao.

Mas naging buhay sila ngayon. Sa kawalan ng damit, bumalik ang alaala ng tapang, at ang tapang ay nagkaroon ng bagong hugis, ng bagong puso, ng bagong lakas.

**98 EXT. BUKID. PINAG-AAGAWANG LUPA. ARAW. PAGPAPATULOY**

Patuloy ang mga kababaihan sa pagsasabog ng binhi sa malawak na bukirin. Sa bawat pag-abot at pagkalat ng palay, tila may ritwal ng pag-alaala, paggalang, at panibagong pag-asa.

Nakatayo pa rin sa gilid ang pinagtagping sako ng harina na may nakasulat: "PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO RITO!"

Ngunit wala ni isa mang lumingon dito. Wala nang bisa ang pagbabawal. Hindi na sila mapipigil.

Magsisimulang tumugtog ang musika ng PANTOMINA.

(MUSIKA AT SAYAW)

Ang mga kababaihan ay nagsasabog ng binhi sa lupa, kasabay ng indayog ng PANTOMINA. Hindi na ito ensayo. Isa na itong ritwal ng pagtindig. Ang kanilang kilos ay mabagal, marahan, at puno ng layunin. Ang mga kalapati ay lumilipad sa itaas, paikot, pababa, paakyat na para bang nakikisayaw. Magkakasama ang mga kababaihan at mga kalapati sa isang malawak na sakahan. Masayang lumilipad ang mga kalapati. Masayang nagsasabog ng palay ang mga kababaihan.

Mula sa itaas, makikita ang pormasyon ng mga kababaihan at kalapati sa lupa na tila isang sayaw ng kolektibong pagbangon.

Bahagyang mananahimik ang eksena sa pagpakita ng eksena mula sa malayo. Parang pinapakiramdaman ang isang nagbabadyang karahasan - maaaring putok ng baril. Subalit, hindi ito maririnig.

**99 EXT. LAWA. ARAW**

Nakaupo si Gunda sa gilid ng lawa. Tahimik. Malayo ang tanaw. Ang tubig ay banayad na parang hanging humihinga.

Isang kalapati ang biglang bumagsak sa tubig. Pumapalag. Kumakampay. Pilit na lumilipad, ngunit hindi makaalis.

Napansin ito ni Gunda. Dahan-dahan siyang tumayo. Bumaba siya sa tubig. Unti-unting binabasa ng lawa ang laylayan ng kanyang palda.

Nilapitan niya ang ibon. Maingat niya itong inabot, niligtas mula sa pagkalunod. Napansin niya ang kulay asul na tali sa paa ng kalapati.

Pinatong niya ito sa kanyang dibdib. Yumakap siya dito. Mahigpit. Marahan. Puno ng pag-unawa.

Dadaloy ang unang nota ng "SI NANAY, SI TATAY". Magsisimula si Gunda sa pagsayaw. Sayaw ito ng isang inang nagluluksa, umaalala, at muling bumabangon.

**100 INT. HANDAAN. ARAW**

Pagbabalik-tanaw. Araw ng kasal nina Lando at Maura.

Lalapitan ni Lando ang ina na si Gunda para isayaw ito.

Yayakapin ni Lando ang ina. Yayakapin din ni Gunda ang anak nang mahigpit. Dinadamdam at ninanamnam ni Gunda ang yakap ng anak. 'Di niya pinapakita sa anak pero may luha na sa kanyang mata.

Pinagmamasdan lamang sila ni Maura na nakaupo sa kabisera ng kasalan. Nakangiti. Masaya.

**101 INT. LUMANG BAHAY NINA GUNDA. GABI**

Pagbabalik-tanaw. Tahimik ang gabi. Nakasindi lamang ang isang gasera sa tabi ng papag. Pinapailawan nito ang lumang kahoy na dingding at ang mga aninong sumasayaw sa kisame.

Sa may bintana, makikita si Gunda, nakaupo, inihehele ang kanyang sanggol. Sa mga bisig niya si Lando, isang bagong silang na sanggol, mahimbing, payapa. Pumapaloob sa eksena ang isang banayad na hele, inaawit ni Gunda.

Ang mukha ni Gunda ay tila bumata, pinakita ang inosente at masiglang kabataan niya.

Buong magdamag, nakangiti siya. Isang ngiti ng isang inang may panibagong mundo sa kanyang mga bisig.

**102 EXT. LAWA. ARAW**

Balik sa kasalukuyan..

Nasa gitna pa rin ng tubig si Gunda. Basa ang kanyang palda, pero wala sa kanyang mukha ang lamig o pagod. Yakap-yakap pa rin niya ang kalapati, basang-basa at nanghihina.

Dahan-dahan niya itong hinihipan, parang isang ina na nagpapalambing sa anak. Marahan niyang hinahaplos at pinupunasan ang mga pakpak gamit ang tuyong bahagi ng kanyang damit pang-itaas.

Walang salita, tanging tunog ng banayad na hangin at kaluskos ng tubig.

Ilang sandali pa, tila nakabawi na ng lakas ang kalapati. Ngumiti si Gunda, sabay halik sa ulo ng ibon, isang halik ng pagpapatawad, o marahil, pagpapaalam.

Iniangat niya ang kalapati sa langit. Malaya itong lumipad. Paikot muna, bago tuluyang tumaas.

Sinundan ng tingin ni Gunda ang paglipad nito, may ngiting may bahid ng luha sa kanyang mata, pero hindi na ito lungkot. Isa itong ngiting may paghilom.

Sa gilid ng lawa, naroon si Maura, tahimik na pinagmamasdan ang biyenan. Nakita niya kung paanong pinakawalan ni Gunda ang bigat na matagal na niyang pasan.

Makakaramdam din si Maura ng kagaanan sa kanyang puso.

**103 EXT. BUKID. GABI**

Tahimik ang gabi. Liwanag lamang ng buwan at alitaptap ang saksi.

Si Maura ay nakatayo at nakaharap sa espantaho ni Lando. Nakasuot sa kanilang mga katawan ang yugál. Hindi gumagalaw si Maura. Tila ba magkatitigan lamang sila ng espantaho.

Pumikit si Maura. Ilang segundo ng katahimikan...

Pagdilat niya, hindi na espantaho ang kanyang kaharap, si Lando na mismo.

Nakangiti ito. Maamo. Buo. Mapayapa.

Magkaharap silang dalawa, pinagdikit pa rin sila ng yugál na nakapulupot sa kanilang katawan, parang isang panata na matagal na nilang hindi nabigkas.

Umiikot ang kamera sa kanilang dalawa. Mabagal. Marahan. Tila ba sinasayaw ang kanilang huling alaala bilang mag-asawa.

Hawak ni Maura ang karit. Bagong hasa. Hawak niya ng marahan subalit may bahid ng tapang na makasimula muli.

Tinitigan niya si Lando. Tinitigan din siya nito. Pareho silang nakangiti, isang ngiti ng pagtanggap.

Iaangat ni Maura ang talim. Isang marahan ngunit buo ang loob na galaw. Puputulin niya ang yugál.

Sa mismong sandaling iyon, tila huminga ng malalim ang gabi. Hindi ito pagputol ng pag-ibig kundi pagpapaalam sa isang dating sarili.

Tatalikod si Maura. Maglalakad palayo.

**104 EXT. ILOG. GABI**

Sa ilalim ng malamlam na liwanag ng buwan, muling inipon ng mga kababaihan ang mga espantaho ng kanilang mga mahal sa buhay.

Dahan-dahang isinakay nila ang bawat espantaho sa mga balsa at bangkang gawa sa puno ng saging. Tahimik, puno ng respeto ang mga kilos nila.

Bago pakawalan, sabay-sabay nilang sinindihan ng apoy ang mga espantaho. Ang mga apoy ay naglalagablab, sumasayaw sa dilim, tila mga apoy ng kanilang pag-asa at pag-alala.

Sabay-sabay nilang pinakawalan sa agos ng ilog ang mga espantaho. Sa paglusong ng mga balsa sa tubig, nagliliwanag ang ilog, ang mga apoy ay kumikislap na parang mga bituin na naglalakbay sa tubig.

(MUSIKA, HIMIG AT SAYAW)

Sabay-sabay na hihimig ang mga kababaihan at mga kapamilya ng kantang "SALAMPATING GUMINARO" habang sinasabayan nila ng sayaw ng pamamaalam. Ikinakampay pa rin nila ang mga bisig na parang pakpak ng mga ibon subalit sa galaw ng pamamaalam.

Nagpapatuloy ang liwanag sa kahabaan ng ilog na makikitang biko-biko.Para ba silang mga naipong bituin sa linya ng galaksiya.

**105 EXT. ENTABLADO NG BARANGAY. ARAW**

Nakatayo ang mga tao ng nayon sa harap ng entablado.

Karaniwan ay mga kababaihan, matanda at mga bata. Nangunguna sa mga ito sina Maura, Gunda at Victor. Nakapila sila tulad nang sa isang *flag ceremony*.

Biglang pumailanlang ang ingay mula sa audio speaker, may umaalingaw-ngaw na tunog sa simula na kinagulat nila.

Magsisimula ang isang novelty song na katunog ng mga sikat na “Budots” o “Otso-Otso”, mga paboritong tugtog at sayaw ng mga politiko sa kampanya.

(MUSIKA AT SAYAW)

Nakatayo lamang sina Maura. Hindi gumagalaw. Imbes na hinhin at hiya ang makikita sa mga mata at mukha ng mga tao, tapang ang lumalabas na emosyon.

Sa entablado, makikita si Mayor De La Villa na sumasayaw ng isang mahalay na sayaw. Kasama niya ang dalawang balingkinitang babae na nakasuot ng maiikling kasuotan, sumasabay sa kanyang mga galaw.

Kasama niya sa likuran ang kanyang mga kagawad. Pumapalakpak at nagtatawanan na parang nagdiriwang. Nakasuot sila ng mga pula at berdeng tyaliko na may nakasulat "Muling Iboto para Alkalde", "Iboto para Konsehal", "Iboto para sa Pangalawang Alkalde". Nakangiti sila habang sumasayaw ng mahalay na sayaw. Halos abot-tenga ang kanilang mga ngiti at taas-noong ipinapakita sa mga taong nanonood sa kanila.

Patuloy na naririnig ang novelty song na sinasabayan nila ng mahalay na sayaw. Akala yata, naaakit nila ang mga boto ng tao sa kanilang mahalay at malibog na galaw.

Magsisimulang magsitalikuran ang mga taong nanonood. Aalis sila isa-isa sa harap ng entablado hanggang sa wala ng matira.

Nagpapatuloy pa rin ang sayaw ng mga politiko. Di pa rin mapara ang kanilang mga ngiti.

Makikita naman na unti-unti ring ngingiti ang mga kababaihan sa kanilang pagtalikod. Pero hindi tulad sa mga pilit na ngiti ng mga politiko, mas totoo ang kanilang saya at ngiti. Nangunguna pa rin sa kanila sina Maura, Gunda at Victor.

**106 INT. HAPAG-KAINAN. GABI**

Makikita si Victor. Masarap ang kain. Subo lang siya nang subo ng kanin at ulam. Nakangiti siya habang kumakain.

Makikita si Gunda. Masarap ang kain. Subo lang siya nang subo ng kanin at ulam. Nakangiti siya habang kumakain.

Makikita si Maura. Masarap ang kain. Subo lang siya nang subo ng kanin at ulam. Nakangiti siya habang kumakain.

Makikita silang tatlo sa hapag-kainan. Nakasuot sila ng mga isinuot nila sa kasal. Masarap ang kain. Subo lang sila nang subo ng kanin at ulam. Nakangiti sila habang kumakain.

Umiikot ang kamera sa kanilang tatlo.

Makikita silang tatlo sa hapag-kainan. Masayang kumakain. Nakangiti. Tulad noong araw ng kasal.

**107 EXT. BUKID. HAPON**

Makikita ang mga babaeng kinasal sa umpisa lalo na si Maura at Linda. Naroon din si Marife kahit hindi na siya nakasal.

Nakasuot sila ng belo na mga kulay itim. Natatakpan ang kanilang mga mukha subalit naaanig sila sa nipis ng tela. Sa loob ng belo ay mga kamay nila na may hawak na kalapati. Nakatali ang mga dulo ng belo sa paa ng ibon. Pansin pa rin ang pulang tali sa paa ng kalapating hawak ni Maura. Naroon din si Gunda at apong si Victor para manood.

Kalapit nila ay isang grupo ng koro na umaawit.

(MUSIKA AT AWIT)

Inaawit ang "SALAMPATING GUMINARO”.

Salampating Guminaro, Guminaro

dahil saco, Ano daw an kinamundo,

Ta naglayog nin harayo.

Luminayog paibaba, Napaturo si
sacong luha, Naging salog, naging
sapa, Naging danao na dacula.

*(Kalapati na naging maamo, Naging*
*maamo dahil sa akin. Ano kaya ang*
*kinalungkot niya, dahil lumipad*
*palayo sa akin.)*

*(Lumipad paibaba, tumulo ang aking*
*luha. Naging ilog, naging batis,*
*naging malawak na lawa.)*

Sabay-sabay nilang bibitiwan sa ere ang mga kalapati. Sa paglipad ng mga ibon ay kasamang matatanggal ang kanilang mga itim na belo.

Papalakpak sana si Victor subalit pipigilan siya ni Gunda.

Wala nang pumalakpak para pabalikin sila. Nakangiti lang sila na malaya na ang lahat.

Magsisimula silang sumayaw na may ritmo ng angas at pakikipaglaban. Ang indak ng kanilang mga paa ay sumasabay sa tibok ng pusong naghahandang lumaban. Kumakalabog pati ang lupa. Inilalabas ng malakas na sigaw ang kanilang mga nag-iinit na hininga.

Makikita muli ang pitong ibong pinakawalan na patuloy pa ring lumilipad patungo sa kalayaan.

**108 EXT. PALAYAN. HAPON**

Nagpapatuloy ang musika ng "SALAMPATING GUMINARO". Wala nang liriko ng kanta ang maririnig. Sinasabayan na lang ang musika ng isang himig ng nasabing kanta.

Maraming kalapati ang nagliliparan sa ibabaw ng isang anunsyo na nakalatag sa gitna ng palayan. Makikita sa telang sako ng harina ang nakasulat na: “PRIVATE PROPERTY! NO TRESPASSING! BAGONG GUSALI ANG ITATAYO RITO!”

Mapapansin na apat sa mga kalapating ito ay ang mga pinakawalang kalapati ng mga kababaihan na may dala pang mga maninipis na tela.

Unti-unting lumalapag ang mga ipot ng kalapati sa anunsyo, dahan-dahang natatabunan ang mga salita. Dahil sa bigat ng mga ipot, unti-unting bumagsak ang poste ng anunsyo sa sako.

**109 EXT. MUNISIPYO. HAPON**

Sa paligid ng munisipyo, isang ulap ng kalapati ang umiikot, malakas ang huni na puno ng galit at paninindigan. Ang kanilang mga pakpak ay nagbubunyi ng isang matinis na sigaw, galit na

matagal nang nakabaon, handang ibuhos sa ibabaw ng gusaling ito. Parang mga kaluluwa ng mga nawala at naiwan, dala-dala ang paghihiganti sa mga sugatang puso.

Tatlong kalapati ang may itim na manipis na telang nakahila sa kanilang mga paa.

Unti-unting bumagsak mula sa kalangitan ang mga puting ipot, mala-ulan ng hinanakit, tumama sa mga dingding at bubong ng munisipyo. Parang gustong ibaon ng mga kalapati ang gusaling ito sa kanilang galit, katulad ng paraan ng pagbaon sa kanilang mga asawa, anak, at magulang.

Habang lumalakas ang pag-ulan ng ipot, pumapatak ang matapang at mabigat na awit ng koro, isang pagpapahayag na nawawala na ang kanilang takot, ang "DESAPARECIDOS MEDOS" *(Nawawalang Takot)*.

Habang nagpapatuloy ang awit ng koro at lipad ng mga kalapati, isang baril ang makikitang binubot at inangat sa ere. Hawak ito ng 'di kilalang tauhan subalit pansin ang uniporme ng isang militar. Papaputukin ito sa mga lumilipad na ibon. Isang kalapati ang tatamaan, ang kalapating may hatak na itim na tela at may pulang tali sa paa .

Lumipad palayo ang kalapating may tama, sugatan man, nagpapatuloy sa paglalakbay.

Patuloy ang awit, bumabalot sa hangin, nagbubukas ng puso:

(MUSIKA AT AWIT)

Nawawara, nawawara;  An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na

Tingog, kurahaw, gimata;  An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na.

*(Nawawala, nawawala; Ang takot namin, nawawala.*

*Nahanap na, Nararamdaman na.*

*Tinig, sigaw, namulat;  Ang takot namin, nawawala*

*Nahanap na, Nararamdaman na)*

**110 EXT. BUKID. TAKIPSILIM**

Makikita ang isang kalapating lumilipad nang pagiwang-giwang sa nagtatakipsilim na kalangitan. Inaalalayan siya ng dalawang kasamang kalapati na pareho niyang may hatak na itim na tela. Tuluyang matatanggal ang dala nitong manipis na telang itim. Dadapo ito sa patag na bukirin. Apat pang kalapati ang sunod-sunod na dadapo sa parehong pwesto.

Makikita sa paligid ang nagkalat na balahibo ng mga kalapati. Susundan ito ng kamera hanggang sa makita ang grupo ng kababaihan na may pinapalibutan. Naroon si Maura sa gitna ng animna mga kasama. May tama ng baril. Duguan.

Kahit naghihingalo, magsisimula siyang umawit. Dito lamang siya aawit.

(MUSIKA AT AWIT)

MAURA

Nawawara, nawawara; An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na

Tingog, kurahaw, gimata; An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na.

*(Nawawala, nawawala; Ang takot namin, nawawala.*

*Nahanap na, Nararamdaman na.*

*Tinig, sigaw, namulat; Ang takot namin, nawawala*

*Nahanap na, Nararamdaman na)*

Mula sa solong pag-awit ni Maura, unti-unting maririnig ang pagsabay sa pag-awit ng iba pang mga kababaihan. Kasabay na makikita ang patuloy na pagdapo ng mga kalapati sa lupa.

Palakas nang palakas ang awitin ng koro.

Sa bawat paglapag ng kalapati, mapapansin na dumarami rin ang mga taong nakikita sa bukid. Tila ba nagpapalit-anyo ang mga kalapati sa pagiging tao. Hindi na lamang sila mga kababaihan. Halo-halo na. Sama-sama na pati ang mga kalalakihan, kabataan, matatanda.

Patapang na patapang ang tunog ng awitin. Nababagay lamang sa lirikong binabanggit ng kanilang mga labi at diwa.

LAHAT

Nawawara, nawawara;  An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na

Tingog, kurahaw, gimata;  An takot mi, nawawara

Nahanap na, Namamati na.

*(Nawawala, nawawala; Ang takot namin, nawawala.*

*Nahanap na, Nararamdaman na.*

*Tinig, sigaw, namulat;  Ang takot namin, nawawala*

*Nahanap na, Nararamdaman na)*

Ikakampay nila nang sabay-sabay ang kanilang mga bisig na parang pakpak ng kalapati. Sasabayan pa nila ito ng pagpalakpak. Palakas nang palakas ang palakpak.

**111 EXT. MUNISIPYO. BUKANG-LIWAYWAY**

Mula sa malayo, patuloy ang malakas na palakpak na parang alingawngaw ng isang palabang pagtitipon na ngayo'y naglaho na.

Walang tao sa paligid, ngunit parang maririnig pa rin ang mga sigaw at hiyaw ng mga nagprotesta, mga alaala na nananatiling nangingibabaw sa hangin.

Ang dati'y maputing munisipyo ngayon ay nababalutan na ng putik at mga dumi ng hayop. Nangingitim ang mga pader, tila pinipisan ng sama ng loob at hirap ng mga taong dumaan dito.

Kasama sa nagkalat sa lupa ay mga putik at dumi na marahil dala ng mga nagprotesta sa kanilang matinding pakikibaka.

Nagkalat ang mga karatula ng protesta sa bakuran, mga punit-punit na alaala ng isang sigaw na hindi pa tuluyang napawi. Nakabitin ang mga damit at tsinelas, mga malumanay na patunay ng mga katawan na minsang lumaban, ng mga kaluluwa na nagtaguyod ng kanilang paninindigan.

Mababasa pa rin ang mga sulat na naghahatid ng galit, pag-asa, at paghihimagsik. Mga tinig ito na iniwan upang sumalamin sa bawat sulok ng munisipyo.

Habang dahan-dahang nililibot ng kamera ang mga gamit, tumitigil ito sa isang piraso ng balahibo ng kalapati na nakahiga sa lupa, may bahid ng dugo.

Nagpapatuloy ang palakpak bilang tunog ng pakikibaka, isang panawagan na hindi susuko.

**112 EXT. BAKURAN NG BAHAY NI MAURA. BUKANG-LIWAYWAY**

Sa simoy ng unang liwanag, isang maliit na kamay ang mahinang pumapalakpak na tila isang munting panawagan sa hangin.

Walang kalapati sa bakanteng tirahan. Si Victor, nag-iisa, nakatayo. Ang kanyang mga palad, walang sawang pumapalakpak, para bang hinahanap ang tinig ng mga pakpak na hindi na babalik.

Nakatingala siya sa langit, ang mga mata'y naglalakbay sa kawalang-hanggan, hindi lang naghahanap ng alagang kalapati kundi ng mga mukha ng kanyang ama at ina, mga nawalang bituin sa kanyang mundo.

Sa likod niya, ang campaign poster na matagal nang nilamon ng panahon at kalupitan, punit na piraso nito'y nakalatag sa lupa, inaapakan ng kanyang mga paa. Tuluyan na itong napunit, o marahil pinunit.

Patuloy ang palakpak ni Victor, isang bulong ng pag-asa at lungkot na naglalakbay sa hangin.

Unti-unting lumalaho ang kanyang imahe, unti-unting napapalitan ang liwanag ng dilim, ngunit nananatili ang malamyos na palakpak, sumasabay, sumisigaw, hanggang matapos ang mga titulo at kredito ng produksyon.

Kung noon, ang palakpak ni Victor ay tawag lamang para bumalik ang kanyang kalapati, ngayon, ito'y panawagan na para sa lahat ng nakakarinig: Makibaka! Makialam!